

Teacher's Guide Intermediate 3

Aralin 1 Ang Kapahayagan ng Diyos

Totoo: Bigyang pansin at sundin ang salita ng Diyos. (Reference: Kawikaan 4:20)

Mabuti: Mag-aral ng salita ng Diyos.

Tama: Makinig at sumunod sa magulang.

A. Panalangin

- Matapos magdasal ay ihanda ang mga bata sa pagsisimula ng aralin. (Ganito rin ang iyong gawin sa susunod na mga aralin.)

B. Motivation

- Alamin sa mga bata kung mayroon silang Bibliya sa bahay. Ipataas ang kamay ng mga nagbabasa nito sa kanilang tahanan. Tanungin sila kung ano ang benepisyo na maku-kuha nila sa pagbabasa nito.

C. Bible Story: **Propeta Ezra (Ezra 7:1-10:16)**

Sa panahon ng paghahari ni Artaxerxes ng Persia, si Ezra ay naglakbay mula sa Babylon patungong Jerusalem. Siya ay isang dalubhasa at matapat na teacher ng mga kautusan at batas na ibinigay ng Diyos kay Moses para sa mga Israelita.

Ipinagkaloob ng hari kay Ezra ang lahat ng kanyang hilingin sapagkat pinapatnubayan siya ng kamay ng Diyos, binigyan siya ni Haring Artaxerxes ng isang liham na nagsasabing lahat ng mga nagnanais na bumalik sa Jerusalem ay sumama kay Ezra.

Pinagkalooban ng hari si Ezra ng mga sulat para sa mga Gobernador ng ibang lugar na dadaanan nila upang walang mang-istorbo sa kanilang paglalakbay. Pinuri ng mga Israelita ang Diyos dahil inilagay Niya sa puso ni Haring Artaxerxes na bigyang parangal ang templo ng Diyos sa Jerusalem.

Ang mapagpalang kamay ng Diyos ay nasa mga Israelita sapagkat sila ay nakapaglakbay ng maayos patungong Israel, nagpahinga sila ng tatlong araw. Sa ikaapat na araw ay naghandog ang mga Israelita sa Diyos.

Lumipas ang panahon, ang mga Israelitang lalaki ay nagkasala sa Diyos dahil sila ay nag-asawa ng mga babaeng taga ibang bansa. Sa pananalangin ni Ezra, tumangis at humihingi siya ng tawad sa Diyos para sa kanilang kasalanan.

Maraming Israelita ang pumalibot at nakitangis sa kanya. Iminungkahi nilang makikipagtipan sila sa harap ng Diyos upang paalisin ang mga babae at mga batang banyaga.

Sa pamamagitan ni Ezra, ipinahahayag ng Diyos ang Kanyang kalooban patungkol sa kung ano ang dapat gawin sa mga Israelita na nagkasala. Ipinatawag ni Ezra ang lahat ng mga kalalakihan sa Judah at Jerusalem at nagtalaga ng mga lalaking tatayong pinuno.

D. Familiar Story

Matuto Ka Na

Si Alen ay batang madalas ngumuya ng bubble gum. At madalas din siyang pinagsasabihan ng kanyang ina:

Nanay: Anak! 'Wag kang kain ng kain ng bubble gum! Baka kung saan-saan yan dumikit.

Imbes na makinig at sumunod sa ina, si Alen ay nangatwiran pa....

Alen: Eh ang sarap po nito, saka itatapon ko naman po agad.

Isang umaga paggising nya.....

Alen: Ah!!! Nay ang buhok ko!! Puno ng bubble gum!

Nanay: Ayan na nga ba ang sinasabi ko eh! Sana naman natuto kana ngayon.

Wala silang nagawa kundi kalbuhin si Alen.

E. Activity Time — Sagutin ang Activity sa workbook. Ipaliwanag ng husto ang gagawin ng mga bata. (Ganito rin ang iyong gawin sa susunod pang mga aralin)

F. Gabay ng Buhay

- Bigyang diin na ang karunungan na nagmumula sa Diyos ay ang karunungan na makakamtan kung ang isang batang gaya nila ay mag-aaral at isasapamuhay ang mga natutuhang salita ng Diyos.

G. Mabuting Mamamayan

- Bigyan diin na isa sa mga kautusan ng Diyos na mababasa sa Bibliya na para sa mga bata ay ang sundin ang kani-lang mga magulang.
- Tandaan na mahalaga ang pagbabasa ng salita ng Diyos upang malaman at maisapamuhay ang mga prinsipyo kung paano mamuhay na sinasabi at pinapangaral ng Diyos.
- Upang magkaroon ng tunay na karunungan, karununganang nagmumula sa Diyos dapat na magbasa at isapamuhay ang mga aral na natutuhan mula sa Bibliya.

H. Preventive Health Care

First Aid Para sa Kagat ng Ahas

- *Mga Dapat Gawin:*
 - a) Manatiling kalmado. Iwasan ang pagpa-panic.
 - b) Huwag hulihin ang ahas.
 - c) Huwag galawin ang parte ng katawan na nakagat ng ahas.
 - d) Tanggalin agad ang mga alahas na malapit sa parte ng katawan na nakagat dahil maaari itong magdulot ng pamamaga.
 - e) Lagyan ng splint ang apektadong parte ng katawan upang maiwasan ang paggalaw pero tiyakin na hindi mahigpit ang pagkakalagay nito para tuloy-tuloy pa rin ang pagdaloy ng dugo.
 - f) Huwag lagyan ng takip o yelo.
 - g) Huwag hiwain ang balat upang lumaki ang sugat. Huwag ding tangkaing tanggalin ang venom, sa halip, dalhin agad sa ospital ang biktima.

I. Homework — Ipaliwanag ng maayos ang homework sa kanilang workbook.

- Sabihin sa mga bata na maaari silang magpatulong sa kanilang magulang.
- Ipasaulo sa kanila ang Proverbs 4:20 — “*Anak ko, pag-ukulan mo ng pansin ang sinasabi ko; pakinggan mong mabuti ang aking mga salita.*”
- Ganito rin ang iyong gagawin sa susunod pang mga aralin at ipasaulo ang verse na makikita every after lesson

J. Magwakas sa isang panalangin. (Ganito rin ang iyong gawin sa susunod pang mga aralin. Laging magwakas sa isang panalangin)

Aralin 2 Ang Katapangang Mula sa Diyos

Totoo: Ang Diyos ay palagi nating kasama kaya't hindi dapat matakot o mangamba anuman ang Kinakaharap. (Reference: Isaias 41:10)

Mabuti: Magtiwala sa Diyos at sa kanyang mga pangako.

Tama: Palakasin ang loob ng bawat isa upang mapaglabanan ang takot o kaba.

B. Motivation

- Alamin sa mga bata kung sila ay nakaranas na maka-ramdam ng pagkatakot o pagkaduwag at sa kung anong pagkakataon ito. Tanungin kung paano nila ito napag-labanan.

C. Bible Story: **Si Zerubbabel (Ezra 3:2-5:2, Nehemiah 12:47, Haggai 1:1-2:23, Zechariah 4:6-10)**

Si Zerubbabel na gobernador ng Judah, ay nagbalik sa Jerusalem at Judah nang siya ay mapalaya mula sa pagkaalipin sa Babylon. Ang punong saserdote na si Joshua at iba pang mga saserdote at mga Israelita ay kasama niyang nagbalik sa kanilang bayan.

Itinayo muli ni Zerubbabel ang altar ng Diyos sa tulong ng mga saserdote at mga Israelita upang sila ay makapaghandog sa Diyos.

Nabalitaan ng mga kaaway ng mga Israelita ang muling pagtatayo ng Templo ng Diyos kaya sila ay nagpunta kay Zerubbabel at nagsabing: *Tutulungan namin kayo sa pagtatayo ng templo para makapaghandog din kami sa inyong Diyos.*

Zerubbabel: Hindi kayo dapat magkaroon ng bahagi sa pagtatayo ng templo ng aming Diyos.

Dahil dito, ang kanilang mga kaaway ay patuloy na gumawa ng paraan upang masira ang loob nila Zerubbabel at ng kanyang mga kasama. Nagpasya sina Zerubbabel na maglagay ng mga bantay sa bawat paligid ng kanilang itinatayong templo.

Ang Diyos na makapangyarihan sa lahat ang gumabay at nagpalakas ng loob nila. Ganito ang sinabi ng Diyos kay Zerubbabel: *Huwag kang matatakot dahil Ako ay sasainyo at hindi kayo matatalo ng lakas at kapangyarihan ng inyong mga kaaway.* Sinabi din ng Diyos na si Zerubbabel na naglatag ng pundasyon ng templo ay siya ring tatapos nito.

D. Familiar Story

Ang Mabuting Bata!

Sina Joshua at Bernard ay magkaibigan at magkaklase sa isang Summer Music Workshop na project ng kanilang barangay. Nagprapraktis sila para sa kanilang pagtugtog sa kanilang nalalapit na pagtatapos.

Si Bernard ay magaling na bata at madaling matuto sa paggitara ngunit tamad magpraktis. Si Joshua naman ay hindi gaanong magaling subalit masipag magpraktis at mag-aral ng flute kahit siya ay nasa bahay nila.

Sa araw ng graduation, maagang dumating ang mga bata sa barangay hall. Magkahalong excitement at takot ang naramdaman ni Joshua. Nakapag-flute siya ng maayos dahil nagtiwala siya sa Diyos na magbibigay sa kanya ng lakas ng loob.

Ginawa ni Joshua ang lahat ng kanyang makakaya sa pagtugtog. Samantalang si Bernard ay laging nagkakamali nang sila ay tumutugtog na.

F. Gabay ng Buhay

- Bigyang diin na dapat pagtiwalaan at panghawakan ang mga pangako ng Diyos upang mapagtagumpayan ang anumang takot o pagsubok na kinakaharap.

- Tandaan na mas makapangyarihan ang Diyos kaysa anu-mang takot o pagsubok na kakaharapin.

G. Mabuting Mamamayan

- Bigyang diin na ang batang nagtitiwala sa Diyos ay kaya nilang mapagtagumpayan ang kaba o takot na kanilang madalas na nararamdaman sa tuwing bago mag umpisa ang isang gawain.
- Tandaan na mahalaga rin na magpakita ng supporta sa kaibigan sa pamamagitan ng pagpapalakas ng loob nito. Nakakatulong ito upang mawala o mabawasan ang kaba ng kaibigan.

Aralin 3 Ang Kahusayang Mula sa Diyos

Totoo: Magtiwala at manangan sa Diyos na Siya ang pinag-mumulan ng tunay na karunungan.
(Reference: Kawikaan 3:5)

Mabuti: Magtiwala na sa Diyos nagmumula ang tunay na karunungan.

Tama: Magpakita ng kababaang-loob sa lahat ng pagkakataon.

B. Motivation

- Tanungin ang mga bata kung saang bagay sila mahusay. Alamin sa kanila kung kailan at sa paanong paraan nila ginagamit ito.
- Sabihin sa kanila na sa kuwento ngayon ay matutung-hayan nila ang isang tao na binigyan ng Diyos ng kakayanan at ito ay ginagamit niya ng may kahusayan.

C. Bible Story: **Si Nehemiah (Nehemiah 1-2, 6:15-19)**

Nang makita ni Nehemiah ang kanyang kapatid kasama ang ibang mga kalalakihan, nilapitan niya ang mga ito at tinanong tungkol sa kalagayan ng mga Judio at ng Jerusalem.

Sinabi nina Hanina na nasa masama at nakakahiyang kala-gayan ang Jerusalem, nananatiling bagsak ang bakod at ang gate ay sinunog.

Napaiyak si Nehemiah sa kanyang mga narinig. Ilang araw siyang nag-ayuno at nanalangin sa Diyos.

Si Nehemiah ay cupbearer ng hari. Nang dalhan niya ng alak ang hari, napansin ng hari ang malungkot na mukha ni Nehemiah. Tinanong ng hari si Nehemiah at sinabi niya ang dahilan. Kaya humingi siya ng permiso sa hari na maitayo muli ang mga bakod ng Jerusalem. Humingi din si Nehemiah ng sulat para sa mga pinuno ng lugar na daraanan niya upang siya'y makapaglakbay ng maayos at sulat para sa taga-pangasiwa ng kagubatan ng hari para sa mga kahoy na kanyang kakailanganin.

Ang mapagpalang kamay ng Diyos ay na kay Nehemiah sapagkat ibinigay ng hari ang lahat ng kanyang kahilingan.

Kinausap ni Nehemiah ang mga Israelita at sila ay nagtulong-tulong sa pagsasaayos ng Jerusalem at ng gate nito.

Sina Sanballat na Horonite at Tobiah na Ammonite ay nabahala sa ginagawa nina Nehemiah. Kaya naman kung ano-anong pang-iinsulto ang sinasabi nila upang panghinaan ng loob ang mga Israelita. Nanalangin si Nehemiah.

Nang makita nina Sanballat at Tobiah na ang mga awang sa bakod ng Jerusalem ay nasarahan na, nagplano silang manggulo. Ngunit hindi sila nagtagumpay dahil patuloy na nanalangin sina Nehemiah sa Diyos. Matapos maitayong muli ang bakod at gate ng Jerusalem nagdiwang ang mga

Israelita.

D. Familiar Story

Bawal ang Mayabang!

Sina Jerry at Allan ay magkaibigan at parehong mahilig magpinta. Nang magdaos ng painting contest ang kanilang barangay, nagpunta agad sina Jerry at Allan sa barangay hall para magpalista. Marami nang nakapila pagdating nila kaya nag-alala si Jerry.

Jerry: Allan, mukhang marami tayong makakalaban.

Allan: Wag kang mag-alala Jerry! Walang sinabi yang mga 'yan. Mas magaling tayo sa kanila.

Jerry: 'Wag kang magyabang. Alam mo naman kung kanino nanggaling yang talent mo.

Allan: Oo nga pala. Sorry Lord.

Dumating na ang araw ng paghuhusga sa mga painting ng mga contestant. Nakamit ni Jerry ang unang premyo at ang nakuha ni Allan ay ang pangatlong premyo.

F. Gabay ng Buhay

- Muling balikan ang kuwento.
- Bigyang diin na dapat tularan ang kababaang-loob ni Nehemiah. Sapagkat sa pamamagitan nito ay matututong umasa ang tao sa Diyos. Ang tunay na kahusayan ay nagmumula sa Diyos at hindi sa sarili.

G. Mabuting Mamamayan

- Bigyan diin na mahalagang kinakikitaan ng kababaang-loob ang isang batang gaya nila.
- Tandaan na ang kahusayan o kagalingan mo sa isang bagay o gawain ay talento na nagmula sa Diyos. Iwasan ang pagyayabang at ang pag-iisip na mas magaling ka sa ibang tao. Ang batang may kababaang-loob ay kina-lulugdan ng Diyos.

H. Preventive Health Care

First Aid para sa Electric Burn

Ang Electric burn ay maaaring magmukhang minor na injury dahil hindi ito makikita sa balat. Tandaan na maaaring malala ang pinsalang dulot ng electric burn na maaaring makaapekto sa tissues sa ilalim ng balat ng biktima.

- *Mga Dapat Gawin:*
 - a) Tingnan muna ang biktima at huwag siyang hahawakan dahil baka nakahawak pa ito o nakadikit sa pinagmumulan ng kuryente.
 - b) Isara o ilayo ang pinagmumulan ng kuryente mula sa biktima o sa iyo. Kung hindi ito maisasara, ilayo na lamang sa pamamagitan ng mga non-conducting objects gaya ng kahoy, plastic o cardboard.
 - c) Tingnan kung humihinga ang pasyente. Kung hindi, tuma-wag agad ng doktor o nang marunong ng CPR.
 - d) Upang maiwasan ang shock o pagkabigla, pahigain ang biktima. Siguraduhing mas mababa ang ulo nito kaysa sa katawan.
 - e) Takpan ng malinis na gasa o tela ang naapektuhang parte ng katawan. Huwag gumamit ng kumot o tuwalya.

I. Homework — Ipasaulo ang Gabay na Kaalaman

Proverbs 3:5 — *Magtiwala ka sa Panginoon nang buong puso at huwag kang mananangan sa*

sarili mong karunungan.

Aralin 4 Ang Kabanalang Nagmumula sa Diyos

Totoo: Ang mga anak ng Diyos ay namumuhay ng matuwid. (Reference: 1 Juan 2:29)

Mabuti: Magtiwala sa Diyos at sa Kanyang salita.

Tama: Magtiwala sa Diyos at isabuhay ang Kanyang salita. Gamitin ito upang magpaalala sa mga gawi at kaisipan ng kaibigan.

B. Motivation

- Tanungin ang mga bata kung ano ang kanilang nagiging reaksiyon sa tuwing sila ay pinagsasabihan o pinaaa-lalahanan ng kanilang mga magulang kapag may pag-kakamali silang nagagawa.

C. Bible Story: **John the Baptist (Mateo 3:1, 11:11-12, 14:2-8, 16:14, 17:13, Mark 6:14-25, 8:28, Luke 7:20-33, 9:19)**

Si John the Baptist ay nangangaral sa mga Judio tungkol sa pagsisisi sapagkat ang kaharian ng langit ay nariyan na. Si John ang taong tinutukoy sa Lumang Tipan na maghahanda ng daan sa pagdating ni Jesus.

Ang mga Judio na nagmula sa Jerusalem, Judea at palibot ng Jordan ay pumupunta kay John upang ipahayag ang kanilang mga kasalanan. Sila ay binautismuhan ni John bilang tanda ng kanilang tunay na pagsisisi.

Dumating din ang takdang panahon nang bautismuhan ni John ang Panginoong Jesus sa Jordan River.

Si Herod na hari nang mga panahong iyon ay takot kay John sapagkat lagi siyang binabalaan ni John na labag sa kanilang batas ang pakikisama ni Herod kay Herodias, na asawa ng kapatid ni Herod.

Si Herodias ay nagtanim ng galit kay John kaya ninais niyang patayin ito ngunit hindi niya magawa.

Minsan nagkaroon ng pagdiriwang si Herod at doon ay nagsayaw ang anak na babae ni Herodias. Lubos na nasi-yahan si Herod kaya sinabi niya sa anak ni Herodias na maaari siyang humiling ng kahit na anong bagay at ito ay kanyang makakamtan.

Kaya dumating ang pagkakataon ni Herodias upang gumanti dahil ipinahiling niya sa anak ang ulo ni John. Nang marinig ni Herod ang kahilingan ng anak ni Herodias, siya ay nalungkot sapagkat alam niyang si John ay isang matuwid at banal na tao.

Ngunit wala nang magawa si Herod kundi ipatupad ito. Si John the baptist ay pinugutan ng ulo.

D. Familiar Story

Maging Katulad Niya!

Ang pamilya nila Jayson ay nakatira sa Lopez, Quezon. Ang bahay nila ay malayo sa kabayanan kaya nahuhuli sila sa mga makabagong teknolohiya pagdating sa kagamitang pambahay. Gumagamit sila ng kahoy, pinatuyong balat ng buko at bao para sa panggatong upang makapagluto. Kaya nakatatak na sa isip ni Jayson ang bilin ng kanyang ama:

Tatay: Anak, bantayan mong mabuti ang mga panggatong na binilad ko ha. Alam mo naman, bigla na lang umuulan ngayon. 'Wag mong kalimutang ipasok para 'di mabasa, ha.

Jayson: Opo itay. 'Wag kayong mag-alala, 'di ko yan mali-limutan.

Isang araw habang naglalaro si Jayson kasama ang kaibigang si Lito, napansin niyang medyo dumidilim ang langit kaya...

Jayson: Lito, sandali lang ha. Isisilong ko lang yung ibinilad ni Tatay.

Lito: Ha?! Kasisimula lang natin. Pabayaan mo na yan. Sabihin mo na lang sa tatay mo nakalimutan mong isilong.

Jayson: Ayokong magsinungaling. Sandali lang ito. Buti pa tulungan mo na lang ako.

Lito: Sige na nga!

F. Gabay ng Buhay

- Muling balikan ang kuwento.
- Bigyang diin na ang makapamuhay ng may kabanalan ay bunga ng pagtitiwala sa Diyos at sa Kanyang salita.

G. Mabuting Mamamayan

- Tandaan na sa tuwing nahaharap ng kahit anumang sitwasyon dapat na laging alalahanin ang mga aral at kautusan ng Diyos at isapamuhay ito. Ibahagi ito sa kaibigan sa bawat pagkakataon. Ang pamumuhay ng may kabanalan ay mabuti. Ito ay nakapagbibigay kasiyahan sa Diyos.
- Ipaalam sa kanila na sa pamamagitan ng pagsunod sa utos ng magulang gaya na lamang kapag sila ay hinihiling na tulungan silang maglinis ng bahay. Ang paggawa nito ng buong puso ay may kagalakan (hindi nagdadabog at nakasimangot) ay isang mabuting gawa. Ito ay maka-pagbibigay kasiyahan sa Diyos.

Aralin 5 Ang Pagtitiwalang Nagmumula sa Diyos

Totoo: Magpasakop sa kalooban o plano ng Diyos sa iyong buhay.

(Reference: Lucas 1:26-38)

Mabuti: Magtiwala at sundin ang kalooban ng Diyos sa iyong buhay.

Tama: Magpasakop sa Diyos sa pamamagitan ng pagsunod sa mga itinalaga Niyang maging tagapamuno natin.

B. Motivation

- Tanungin ang mga bata kung paano nila pinakikita sa kanilang mga magulang na sila ay nagtitiwala sa sinasabi nila. Sabihin sa kanila na ang kuwento ay may kinalaman sa pagtitiwala na nagbubunga ng pagpapasakop.

C. Bible Story: **Si Mary (Mateo 1:16-18, Lucas 1:26-38)**

Isinugo ng Diyos si Angel Gabriel upang maghatid ng mensahe sa isang dalagang taga-Nazareth na nagngangalang Mary.

Gabriel: Ikaw ay kinalugdan ng Diyos. Manganganak ka ng isang lalaki at tatawagin mo siyang Jesus.

Mary: Dalaga ako. Paano mangyayari yun?

Gabriel: Lililiman ka ng Banal na Espiritu sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Kataas-taasan. Ang batang ipapanganak mo ay banal at tatawaging Anak ng Diyos. Maski ang iyong kamag-anak na si Elizabeth na kilalang baog ay anim na buwang nagdadalang-tao.

Mary: Alipin ako ng Panginoon, mangyari sa akin ang ayon sa sinabi mo.

D. Familiar Story

Ang Line Leader Namin!

Si Teacher Meg ay pumili ng line leader na mamamahala sa pagpapalinya ng mga estudyante sa tuwing magkakaroon ng mga activities.

Nadismaya si Ruth nang mapili si Ruby bilang line leader nila. Hindi pa niya nakakalimutan kung paano siyang awayin ni Ruby noong nakaraang taon. Kaya habang nasa pila, naisip niya: Hmmp!! Bakit ba naman ito pang babaeng ito ang napi-ling line leader namin. Nakakagigil!

Malayo pa lang ay natatanaw na ni Aling Rosie ang kanyang anak na sobra ang pagkalukot ng mukha dahil sa pagsimangot nito..

Aling Rosie: Aba, ano bang nangyari sa 'yo anak? Kulang na lang na padaanan ng plansta 'yang mukha mo! Gusot na gusot.

Ruth: Eh paano ba naman 'nay, ang napili ni Teacher Meg na maging line leader namin eh si Ruby na laging nang-aaway sa akin noong nakaraang taon. 'Di ba nakakainis talaga!

Aling Rose: Hay naku bata ka. Kalimutan mo na yang galit mo sa iyong kaklase. Noong isang taon pa yun. Baka nagbago na ang kanyang ugali. Bilang isang mabuting classmate, dapat kang magpasakop sa pangunguna niya dahil pinili siya ng teacher ninyo. Kailangang respetuhin mo iyon dahil nagpapakita iyon ng paggalang mo sa iyong teacher.

Ruth: Ganoon po ba iyon 'Nay? Sige na nga, magpapasakop na po ako bilang paggalang kay Teacher Meg. Salamat po Inay.

F. Gabay ng Buhay

- Muling balikan ang maikling kuwento.
- Bigyang diin na ang pagtitiwala sa Diyos ay makikita sa pamamagitan ng pagpapasakop sa kanyang kalooban sa kanilang buhay.
- Ang kahulugan ng pagpapasakop ay ang pagsunod o pagsasabuhay nito ng may pagtitiwala sa Diyos ng buong puso at walang pag-aalinlangan.

G. Mabuting Mamamayan

- Ipaalam na ang pagtitiwala sa Diyos ay nagbubunga ng pagpapasakop sa kanya . Ang pagpapasakop sa Diyos ay nakikita sa pagsunod sa Kanyang mga sinasabi (salita ng Diyos).
- Itinalaga ng Diyos ang sinumang sumasakop sa atin kaya dapat silang sundin. Ang pagpapasakop sa mga itinalaga ng Diyos sa atin upang manguna ay mabuting gawin sapagkat ito ay nakakapagbigay kasiyahan sa Diyos. Ito ay tamang gawin sapagkat ginagawa natin ang kalooban ng Diyos.
- Tandaan na mahalaga ang magtiwala sa Diyos upang matutuhan na magpasakop sa Kanya. Magpasakop sa Kanya sa pamamagitan ng pagsunod sa Kanyang salita at pakikinig sa mga nakatatanda o leader na kanyang itinalaga na manguna sa atin.

H. Preventive Health Care

First Aid para sa Chemical Burns

Kalimitang nagkakaroon ng chemical burns ang mga taong exposed sa kemikal. Sa mga ganitong lugar ay may mga taong trained para magbigay ng first aid.

- *Mga Dapat Gawin:*

a) Alisin ang kemikal sa apektadong bahagi ng katawan. Siguraduhing hindi ito mapupunta sa iyo.

- b) Hugasan ito sa pamamagitan ng running water. Kailangan itong gawin agad upang maiwasan ang paglala ng injury.
- c) Ipagpatuloy ang paghuhugas sa sugat sa loob ng limang minuto.
- d) Takpan ito ng malinis na gasa o tela.
- e) Tumawag agad ng doktor.

I. Homework — Ipasaulo ang Gabay na Kaalaman

James 4:7 — *Isuko ninyo ang sarili ninyo sa Diyos, labanan ninyo ang diyablo at lalayo ito sa inyo.*

Aralin 6 Ang Pagtitiwalang May Pagsunod

Totoo: Ang pagtitiwala sa Diyos ay nagbubunga ng pagsunod sa Kanyang salita.

(Reference: Mateo 1:24, 2:13-15)

Mabuti: Magtiwala sa Diyos sa pamamagitan ng pagsunod sa Kanyang salita.

Tama: Sundin ang payo ng mga nakatatanda.

B. Motivation

- Magpaawit ng kantang may kinalaman sa pagsunod kay Jesus.

C. Bible Story: ***Si Joseph (Mateo 1:16-24, 2:13-23)***

Si Joseph ay nakatakdang ikasal kay Mary na taga- Nazareth. Nalaman niya na si Mary ay nagdadalantao na bago pa man sila magsama.

Si Joseph ay matuwid na tao kaya nang malaman niya ang kalagayan ni Mary, naisip niyang hiwalayan ng lihim ang kasintahan upang hindi ito mapahiya. Nang mapag-isipan ng malalim ni Joseph ang kanyang balak, ang Angel ng Diyos ay nagpakita sa kanya sa panaginip,

Angel: "Joseph huwag kang matakot na pakasalan si Mary, sapagkat mula sa Espiritu Santo ang kanyang ipapanga-nak. Manganganak siya ng isang lalaki at papangalanan mo siyang Jesus sapagkat ililigtas Niya ang Kanyang bayan mula sa kanilang mga kasalanan."

Nang magising si Joseph, sinunod niya ang sinabi ng angel sa kanya. Tinanggap niya si Mary bilang kanyang asawa. Hindi sila nagsiping hanggang sa maipanganak ni Mary ang sanggol na si Jesus.

Nang maipanganak na si Jesus sa Bethlehem, nag-alala si Haring Herod. Si Joseph ay muling kinausap ng Angel ng Diyos at inutusan silang magtago sa Egypt at manatili muna doon.

Hindi nagtagal, si Herod ay namatay. Kinausap muli ng Angel si Joseph at inutusan bumalik na sa Israel sapagkat hindi na nanganganib ang buhay ng kanyang anak. Ngunit sila ay nanirahan sa Nazareth sapagkat binabalaan si Joseph sa kanyang panaginip dahil takot siya sa haring pumalit kay Herod.

D. Familiar Story

Makinig at Sumunod

Si Alex ay lumaki sa kanyang Lolo at Lola. Kaya naman sagana siya sa paalala na maging mabuting bata lalo na sa pakikitungo sa ibang tao.

Minsan nang siya ay pauwi na galing sa kanilang eskwelahan, nakita niya ang kanyang guro na naglalakad at napakaraming dalang mga gamit. Nilapitan niya ang guro at...

Alex: Mam Bea! Tulungan ko na po kayo sa mga dala niyo.

Teacher Bea: Salamat, napakamatulungin mo.

Alex: "Yan po ang turo sa 'kin ng Lolo at Lola ko Mam! Ang sabi nila, ang mabuting bata ay marunong tumulong sa ibang tao.

Teacher Bea: Tama yan Alex. Maipapakita mo ang pag-mamahal sa ibang tao sa pamamagitan ng pagtulong mo sa kanila. Mabuti ang masunuring bata. Salamat ulit.

F. Gabay ng Buhay

- Bigyang diin na ang pagtitiwala sa Diyos ay ang pagtiti-wala sa Kanyang salita.
- Ang pagsunod sa sinabi ng Diyos ay bunga ng pagtitiwala sa Kanya.

G. Mabuting Mamamayan

- Bigyan diin na dapat magtiwala sa mga nakatatanda. Sundin ang kanilang mga turo at aral.
- Tandaan na tama ang magiging bunga kung magtitiwala ang batang gaya nila sa salita ng Diyos. Susunod sila sa itinuturo Niya sa Kanyang salita.
- Makikita na ang batang sumusunod sa magulang at ibang nakatatanda gaya ng lolo at lola ay pagsunod sa Diyos.

Aralin 7 Ang Pagiging Masikap

Totoo: Maging masikap sa pagsunod sa Diyos. Sundin ang kalooban Niya at hindi ang sarili.
(Reference: Mateo 16:24)

Mabuti: Magsikap sa pagsunod sa Diyos sa pamamagitan ng pagsunod sa Kanyang salita.

Tama: Magsikap sa anumang gawain na hinaharap. Pagsikapan gawin ang mga bagay na dapat unahin.

B. Motivation

- Magpaawit ng kantang may kinalaman sa pagsunod kay Jesus.

C. Bible Story : **12 Apostles (Mateo 10:1-4, John 6:1-14)**

Si Andrew ay isa sa mga disipulo ni *John the Baptist*. Minsan dumaan si Jesus at sinabi ni John the Baptist, *Tignan niyo, narito ang Kordero ng Diyos*. Nang marinig ito ni Andrew siya at ang isa pang disipulo ay sumunod kay Jesus. Ang unang ginawa ni Andrew ay hinanap niya ang kanyang kapatid na si Peter na nangingisda at ibinalitang...

Andrew: Peter!! Nakita na namin ang Cristo!

Dinala ni *Andrew* si *Peter* kay Jesus. Habang naglalakad si Jesus sa may tabing dagat ng Galilee, nakita Niya sina James at *John* na mga anak ni Zebedee.

Sinabi ni Jesus sa kanila, *Sumunod kayo sa Akin, gagawin ko kayong mangingisda ng mga tao*. Iniwan nila ang kanilang mga lambat at sumunod sila kay Jesus.

Ang mga sumunod na tinawag ni Jesus ay sina *Philip*, *Bartholome*, *Matthew* na tax collector, *Thomas*, *James* na anak ni Alphaeus, *Simon the Zealot*, *Thaddaeus* at *Judas Iscariot*, na nagtraydor sa Panginoong Jesus. Lahat silang tinawag ni Jesus ay sumunod sa Kanya.

Ang mga alagad ni Jesus ay saksi sa mga kababalaghang ginawa niya katulad ng pagpapagaling sa mga may-sakit, pagpapalakad sa mga pilay at marami pang iba.

Dahil dito, maraming tao ang sumunod sa kanila. Marami ring nakikinig habang nangangaral si Jesus. Ang mga disi-pulo ay nakinig sa mga aral na itinuturo ni Jesus. Sa buong panahon ng ministeryo ng Panginoong Jesus, ang mga alagad Niya ay sumama sa Kanya saan man Siya nagpunta.

D. Familiar Story

Ito ang Best ko

Si Carlos at ang kanyang mga kaklase ay masigasig na naghahanda para sa kanilang project. 25% ng kanilang grade sa card ay manggagaling dito.

Lito: Carlos! Manghuli na tayo ng palaka sa bukid.

Carlos: Naku! Hindi puwede. Pasahan na bukas ng project natin, 'di pa ko natatapos. Tapos ka na ba Lito?

Lito: Mamayang gabi ko na gagawin yan. Madali lang yun.

Carlos: Tapusin mo muna yung project mo. Maapektuhan yung grade mo pag hindi mo yan na-pass. Di ba sabi ni teacher, ibigay natin ang the best natin sa project na ito?

Lito: Tama ka nga Carlos. Puwede namang maghintay yang mga palakang yan. Ayokong bumagsak. Sige, uuwi na ako para tapusin ang project natin. Salamat sa paalala.

F. Gabay ng Buhay

- Muling balikan ang maikling kuwento.
- Bigyang diin na ang mga nagtitiwala kay Jesus gaya ng mga disipulo ay susunod sa Kanya gaano man ito kahirap. Kaya nilang iwan ang lahat para sumunod sa Kanya.

G. Mabuting Mamamayan

- Bigyan diin na ang pagtanggap sa mga kaibigan na makipaglaro ay tamang desisyon. Bagamat bata, alam natin na ang nais nila ay maglaro palagi, hindi ito dahilan upang hindi gawin ang dapat unahin gaya ng project, homeworks at iba pa.
- Tandaan na ang priority ng mga batang gaya nila ay mag-aral ng mabuti kaya dapat silang magsumikap na maisagawa ito. Maaaring maraming mga bagay ang maglayo sa kanila sa dapat nilang gawin ngunit dapat nilang pagsumikapan na gawin ang kanilang priority bago ang iba. Mapagtatagumpayan nila ang hirap na dadanasin nila basta magsumikap lang sila.

H. Preventive Health Care — *Gamot na Halaman Para sa An-an, Buni at Alipunga*

- a) Akapulko — Dikdikin at katasin ang 10-20 sariwang dahon. Ipahid ang katas sa an-an, buni o alipunga 2 o 3 ulit mag-hapon. Gawin ito araw-araw hanggang gumaling ang sakit.
- b) Balanoy — Dikdikin ang isang dakot ng sariwang dahon at katasin. Ipahid ang katas ng tubig upang makagawa ng emplasto. Ito ang itapal sa an-an, buni o alipunga 2 o 3 ulit maghapon hanggang gumaling ang sakit sa balat.
- c) Banato — Magdikdik ng 1 dakot ng sariwang dahon. Maaaring dagdagan ng ilang patak ng tubig upang ma-kagawa ng emplasto. Ito ang itapal sa an-an, buni o alipunga 2 o 3 ulit maghapon hanggang gumaling ang sakit sa balat.
- d) Kanya pistula — Magdikdik ng 1 dakot ng sariwang dahon hanggang ito'y maging parang pasta. Ito ang ikuskos sa an-an, buni o alipunga 2 o 3 ulit mag-hapon. Gawin ito araw-araw hanggang gumaling ang sugat.

I. Homework — Ipasaulo ang Gabay na Kaalaman

Proverbs 3:1-2 — *“Anak ko, huwag mong kalimutan ang aking mga aral, sa halip ay ingatan mo sa iyong puso ang Aking mga utos, pagkat pahahabain nito ang buhay mo at dudulutan ka ng kasaganaan”.*

Aralin 8 Ang Mapagpatawad na Diyos

Totoo: Ngunit kung ipinapahayag natin ang mga kasalanan, tapat Siya at makatarungan; patatawarin niya tayo sa ating mga kasalanan. (Reference: 1 John 1:9)

Mabuti: Matutong magpatawad at humingi ng kapatawaran.

Tama: Humingi ng tawad na totoo sa kalooban at hindi napipi-litan lamang.

B. Motivation: Magpalaro: *“Batang Henyo” (like Pinoy Henyo)* Mga kailangan:

Medyo matigas na Papel, Marker, 2 upuan at timer

- a. Sulatan ang papel ng mga salitang papahulaan sa mga bata (dapat kunin ang mga salitang nasa aralin nila ng nakaraang linggo).
- b. Gumawa ng dalawang grupo. (depende sa dami ng estudyante).
- c. Kumuha ng tig-dadalawa sa bawat grupo para lumaban.
- d. Paupuin sa upuan ang dalawang bata.
- e. Ilagay ang papel sa noo ng isang bata (ang tagatanong o manghuhula) at ang isang bata naman ay nakaharap sa kanya. (oo, pwede at hindi lang ang kanyang dapat isagot).
- f. Ganun din ang gawin sa ibang grupo, gawin ito hanggang 5 beses. Bigyan ng 2 minutes ang bawat grupo.
- g. Ang sinumang grupo ang tamang makahula, at mas maikling oras ang siyang panalo.

C. Bible Story: **Si Peter (Matt 4:18, 26:33-74)**

Minsan habang si Jesus ay naglalakad sa may tabi ng lawa ng Galilee, nakita niya si Peter na nangingisda. *Sumunod ka sa akin*, ang sabi ni Jesus. Agad sumunod si Peter. Isinama ni Jesus si Peter sa lahat ng lugar na kanyang pinupuntahan kaya nasaksihan ni Peter ang lahat ng kabutihang ginagawa ni Jesus sa mga tao.

Isang hapunan, habang sila ay kumakain...

Jesus: Sa gabing ito kayong lahat ay lalayo sa akin at iiwan ako.

Peter: Panginoon, hindi totoo yan! siguro iiwan ka nang mga yan!, pero ako, hindi kita iiwan!

Jesus: Peter, sinasabi ko sa iyo, bago tumilaok ang manok sa gabing ito tatlong beses mong sasabihin sa mga tao na hindi mo ako kilala!

Iginiit ni Peter na kahit kailan hindi niya itatatwa si Jesus. At ganoon din ang sinabi ng ibang mga disipulo. Isinama ni Jesus ang Kanyang mga disipulo at nagtungo sila sa Getsemane. Lumayo Siya ng kaunti kasama sina Peter at ang mga anak ni Zebedee at Siya ay nanalangin.

Maya-maya pa ay dumating na si Judas Iscariot kasama ang mga kawal, punong Saserdote at matatanda ng bayan. Hinuli nila si Jesus.

Sumunod si Peter nang palihim upang tignan kung ano ang gagawin nila kay Jesus. Nilapitan siya ng isang babae at sinabing, “Kasamahan ka ni Jesus di ba?”

Peter: Hindi ko alam ang sinasabi mo!

Dali-daling lumayo si Peter. Hanggang sa pangatlong beses ay naulit ang pagkakaila ni Peter na siya ay kasama ni Jesus. Pagkatapos niyang magsalita, narinig niyang tumilaok ang manok, naalala niya ang sinabi ni Jesus. Lumabas si Peter sa lugar na iyon at siya ay tumangis ng husto.

D. Familiar Story

Binigo mo kami!

Nasa loob ng classroom ang mga estudyante. Lahat sila ay naghihintay sa announcement na gagawin ng teacher nila.

Teacher: Okay class maraming salamat at natapos na ang inyong mga exams and projects. Sem break niyo na sa susunod na linggo. Sana ay magamit ninyo ang bakasyong ito na may kapakinabangan.

Yes!!!!!! WOoooooOooo. Ang ingay ng lahat ay kumalat sa loob ng Classroom.

Bong: Robert! Meron tayong, outing, this sembreak. Huwag kang mawawala ha.

Robert: Naku! Sayang, hindi ako makakasama sa 'nyo. May family reunion kami. Mas mahalaga iyon para sa akin. Excited na ko dahil magkikita-kita ulit kaming magpipinsan.

Bong: Ano? Hindi ka makakasama? Hindi pwede iyon! Alam mo namang ginagawa natin yan tuwing sembreak di ba? Wala ka rin, eh. Bibiguan mo ba kami dahil sa reunion lang na yan!. Sasabihin ko sa tropa out ka na sa grupo.

Robert: Nagkakasama naman tayo nang madalas. Pagbigyan niyo naman ako ngayon. Sorry na.

Magsasalita pa sana si Robert ngunit tinalikuran na siya ni Bong, galit na galit. Samantala, sa family reunion nila Robert:

Robert: Mabuti na lang mas pinili ko ito. Ang saya..

F. Gabay ng Buhay

- Bigyang diin na ang kasalanan, malaki man o maliit ay dapat ihingi ng kapatawaran. Kung may nagkasala din sa atin, dapat marunong din tayong magpatawad.
- Bigyang diin din na hindi ibig sabihin ng pagsosorry ay hindi na niya haharapin ang consequence ng ginawa niyang pagkakamali. Hindi puwedeng mag-absuelto doon.

G. Mabuting Mamamayan

- Ang batang buong pusong nagsisisi ay madaling mapapatawad.”
- Explain sa bata kung bakit kailangan ng buong pusong pagsisisi. Ibig sabihin, kapag nag-sorry, totoo sa kalooban nila ang pagso-sorry at hindi dahil napipilitan lamang sila. Hal. Dahil ang paborito mong teacher ang siyang nag-sasabing mag-sorry ka sa kaaway mo ay gagawin mo yun hindi dahil gusto mong i-please ang teacher mo. Mali yun dapat nag-sorry ka dahil talagang inaamin mo na mali ang iyong ginawa.
- Dapat din explain sa bata na kailangan niyang harapin ang consequences ng kanyang ginawa.

Aralin 9 Tumulong sa Ating Kapwa

Totoo: At ang aking Diyos ang magbibigay sa inyo ng lahat ng inyong pangangailangan ayon sa maluwalhati Niyang kayamanan kay Cristo Jesus. (Reference: Philipians 4:19)

Mabuti: Mag-abot ng tulong sa mga nangangailangan.

Tama: Pagbibigay ng oras o talento, katulad ng paghuhugas ng mga plato, pagliligpit ng higaan tuwing umaga at marami pang ibang paraan para makatulong.

B. Motivation

- Magbigay ng mga sitwasyon kung saan nangangailangan ng tulong tanungin ang mga bata kung ano ang kanilang gagawin kung makakita sila ng taong kakilala man o hindi na nandoon sa ganoong sitwasyon.

C. Bible Story: **Sina Aquila at Priscilla (Romans16:3, Acts18:2-26)**

Si Aquila na isang tunay na Judio ay napadpad sa lugar ng Corinto, kasama ang kanyang asawang si Priscilla.

Naninirahan sila sa Rome ngunit sila, kasama ang iba pang mga Judio, ay pinaalis dahil sa utos ng isang pinuno roon.

Ang mag-asawa ay gumagawa ng tolda. Nang si Paul ay mapunta sa Corinto nakilala niya ang mag-asawa at binisita niya ang mga ito. Dahil sina Aquila at Priscilla ay gumagawa ng tolda, sa kanila na tumuloy si Paul.

Nagtulong-tulong silang gumawa ng tolda. Sinamahan ng mag-asawa si Paul nang ito ay pumunta sa Syria. Nang dumating sila sa Ephesus, sina Aquila ay naiwan na doon.

Si Apollos na isa ring mangangaral ay dumating sa Ephesus. Narinig siya nila Aquila at Priscilla kung paano magturo. Inimbita nila si Apollos sa kanilang tahanan at ipinaliwanag sa kanya ng mas maayos ang pamamaraan ng Diyos.

May mga mananampalataya na nagtitipon sa tahanan ng mag-asawang Aquila at Priscilla.

D. Familiar Story

Halina't Tumulong

Sa tuwing papasok si Tanya sa eskuwelahan, siya ay dumadaan sa harap ng bahay nila Aling Didang. Araw-araw, nakikita niya ang matandang kapitbahay na nagwawalis sa labas o kaya nama'y nagdidilig ng mga halaman niyang nasa paso.

Ngayong linggong ito, tatlong araw na niyang hindi nakikita si Aling Didang. Nabanggit niya ito sa kanyang kaibigan na si Lisa. Nasabi pa niya na nag-iisa lang sa bahay si Aling Didang.

Lisa: Bakit di mo siya bisitahin? Baka may sakit yung matanda.

Tanya: Eh bakit ko naman siya bibisitahin? Kamag-anak ko ba siya?

Lisa: Bakit kamag-anak lang ba ang binibisita pag may sakit? Eh kapitbahay mo nga yun, di ba?

Pag-uwi niya sa bahay, naukuwento ni Tanya kay Nanay ang tungkol kay Aling Didang.

Nanay: Halika anak. Tignan natin kung napaano na si Aling Didang. Baka kailangan niya ng tulong.

Tanya: Sige po Nay. Tayo na.

F. Gabay ng Buhay

- Bigyang diin na bantayan ang motibo ng puso kapag tayo ay tumutulong.
- Bakit natin ginagawa ang pagtulong? Dahil ba gusto nating mapuri ng ibang tao? Gusto nating magpasikat sa iba? Nagpapa-impress tayo sa isang babae o lalaki? O dahil iyon ang tama at mabuting gawin dahil iyon ang kalooban ng Diyos? At kung ginagawa natin ang kalooban ng Diyos, nagbibigay tayo ng kasiyahan sa kanya.

G. Mabuting Mamamayan

- Ang batang matulungin ay nagbi-bigay kasiyahan sa Diyos.
- Bigyan ng emphasis - bantayan ang motive ng puso kapag tayo ay tumutulong. Bakit natin ginagawa ang pagtulong? Dahil ba gusto nating mapuri ng ibang tao? Gusto nating magpasikat sa iba? Nagpapa-impress tayo sa isang babae o lalaki? O dahil iyon ang tama at mabuting gawin dahil iyon ang kalooban ng Diyos?
- At kung ginagawa natin ang kalooban ng Diyos, nagbibigay tayo ng kasiyahan sa kanya.

H. Preventive Health Care

Halamang Gamot para sa Gas Pain at Sakit ng Tiyan

- a) Luya — Magpitpit ng isang piraso ng sariwang luya na kasinlaki ng daliring hinlalaki ng matanda. Pakuluan sa 1 basong tubig sa loob ng 15 minuto. Inumin ang pinag-lagaang tubig

habang maligamgam pa.

- b) Luya-luyahan — Painitan sa mahinang apoy ang 1 piraso ng sariwang laman ng luya-luyahan na kasinlaki ng daliring hinlalaki ng matanda. Durugin at itapal sa tiyan habang mainit-init pa.
- c) Dalandan — Magpakulo ng 1/4 hanggang 1/2 balat ng 1 buong bunga sa 1 tasang tubig sa loob ng 15 minuto. Inumin ang pinaglagaang tubig.
- d) Mansanilya — Buhat sa bulaklak ang ginagamit na gamot. Magpainit ng 1/2 tasang langis na panluto. Durugin ang 10-15 tuyong bulaklak at ibabad ito sa langis sa loob ng 1/2 oras o higit pa. Salain at imbakin ang pinagbabarang langis sa isang malinis na botelya. Ipahid ang langis sa tiyan. Lalong mabuti kung maligamgam o mainit-init pa ang ipapahid na langis.
- e) Sambong — Magpakulo ng 3-4 na dahon sa 1 basong tubig sa loob ng 15 minuto. Ito ang inumin habang maligamgam pa.
- f) Damong Maria — Para sa bata : magdikdik ng 5-10 sariwang dahon. Patakan ng konting langis panluto o alcohol. Painitan nang bahagya at itapal sa tiyan ng bata. Para sa matanda : magpakulo ng 3-5 sariwang dahon o 5-7 tuyong dahon sa 1 basong tubig sa loob ng 15 minuto. Salain. Inumin ang pinaglagaang tubig habang mainit-init pa.
- g) Mayana—Magpakulo ng 2-4 na dahon sa 1/2 basong tubig sa loob ng 15 minuto. Salain. Inumin ang pinaglagaan habang maligamgam pa.

I. Homework — Ipasaulo ang Gabay na Kaalaman

Philippians 4:19 — *“At ang aking Diyos ang magbibigay sa inyo ng lahat ng inyong pangangailangan ayon sa maluwalhati Niyang kayamanan kay Cristo Jesus.”*

Aralin 10 Alamin ang Dapat Pahalagahan

Totoo: Anak ko, pag-ukulan mo ng pansin ang sinasabi ko; pakinggan mong mabuti ang aking mga salita. (Reference: Proverbs 4:20)

Mabuti: Bigyang pansin ang mga bagay na higit na mahalaga.

Tama: Maglaan ng oras upang makinig ng salita ng Diyos at magbasa ng Bibliya.

B. Motivation

- Magpakanta: Read your bible

C. Bible Story: **Mary at Martha (Luke 10:38-42)**

Minsan habang naglalakbay si Jesus at ang kanyang mga alagad sila ay pumasok sa isang nayon. Masaya siyang tinanggap roon ng isang babaeng nagngangalang Martha sa bahay nito. Siya ay may kapatid na si Mary. Nang marinig ni Mary na nagtuturo si Jesus, naupo siya agad sa harap ni Jesus at nakinig.

Samantala, si Martha ay naging abala sa paghahanda upang pagsilbihan si Jesus at ang Kanyang mga alagad. Ngunit Wala siyang makatulong sa paghahanda. Kaya naman siya ay lumapit sa Panginoon at sinabi.

Martha: Panginoon balewala po ba sa inyo na pabayaang ako ng aking kapatid na gumawa ng mag-isa? Sabihin ninyong tulungan niya ako.

Ngunit siya ay pinagsabihan ng Panginoon...

Jesus: Martha, Martha, masyado kang abala sa maraming bagay, ngunit iisang bagay ang talagang kailangan. Pinili ni Mary ang mas mabuti, at hindi ito mawawala sa kanya.

D. Familiar Story

Higit na Matutuwa Siya, Kung...

Ang magkapatid na Lily at Rose ay madalas pagbilinan ng kanilang ina sa kani-kanilang dapat gawin, kung ito ay may importanteng pupuntahan. Si Lily ay madalas magmagaling at magpasikat, ngunit hindi naman niya nagagawa ng maayos ang ibinibilin sa kanya. Mas inuuna niya ang mga bagay na hindi naman importante.

Minsan pinagbilinan sina Lily at Rose na tapusin ang kanilang mga assignment. Sumunod agad si Rose ngunit iba ang ginawa ni Lily.

Lily: Paboritong alaga ito ni Nanay. Matutuwa siya sa 'kin, pag nalaman niyang pinakain ko ang mga isda niya!

Rose: Lily, inuuna mo na naman ang mga bagay na hindi mas mahalaga. Alam mo naman kung ano ang ipinagbilin ni Nanay.

Naunawan ni Lily ang sinabi ng kanyang ate Rose. Ito ay ang bigyang pansin ang mga bagay na mas mahalaga.

F. Gabay ng Buhay

- Bigyang diin ang kahalagahan ng salita ng Diyos sa ating buhay.

G. Mabuting Mamamayan

- Ang batang nakikinig sa mga turo ni Cristo sa pamamagitan ng kanyang mga magulang ay nauunawaan kung ano ang mahalaga sa buhay.
- Emphasis dito ay ang kahalagahan ng salita ng Diyos sa buhay nila.

Aralin 11 Maging Tapat na Kaibigan

Totoo: Kung tayo'y hindi tapat, mananatili siyang tapat. (Reference: 2 Timothy 2:13)

Mabuti: Maging tapat at totoo sa Diyos, sa ating mga magulang at kaibigan.

Tama: Huwag magpadala sa mga material na bagay para talikuran o pagtaksilan ang mga kaibigan.

B. Motivation: Magpalaro: "Si Mary ay bumili"

- Mga kailangan – gamit ng papel na walang sulat ang likod, marker o ballpen, 2 grupo (depende sa dami ng bata) at price list (ex. 1k ng bigas ay 33 pesos)
 - a. Gupitin ang mga papel ng square, dapat magkakasukat, ihanda ang papel para sa 2 o 3 grupo, dapat magkasing dami ang papel ng bawat grupo.
 - b. Sulatan ng mga number ang bawat papel, dapat parehas lang ang nakasulat na number sa bawat papel ng grupo. Ex. Sa isang papel ay nakasulat P3.00, P10.00, etc..
 - c. Ihiwalay ang bawat grupo, maglagay ng limitation line sa harap nila.
 - d. Nasa harap ang teacher at medyo malayo sa magkabilang grupo, ibibigay ang presyo ng isang produkto. Hal. Si Mary ay bumili ng 1 kilo ng sibuyas na nagkaka-halaga ng P 73.00.
 - e. Ang sinumang unang grupong makarating sa unahan na tama ang presyong maibigay na nakasulat sa kanilang papel ang siyang magkakaroon ng puntos. Gawin ito hanggang 3-5 times

C. Bible Story: Si Judas Iscariot (Matthew 26:14-49)

Si Judas Iscariot ay isa sa labing dalawang alagad ni Jesus. Isang araw, siya ay nakipagkita at nakipag-usap sa mga punong saserdote.

Judas Iscariot: Ano ang ibibigay ninyo sa akin kung tutulungan ko kayong madakip si Jesus?

Bumilang ang mga saserdote ng 30 pirasong salaping pilak. Mula noon humanap na si Judas

Iscariot ng pagkakataon upang madakip nila si Jesus.

Nang dumating ang Passover Feast, sinabi ni Jesus sa mga alagad, *katotohanan ang sinasabi ko, ipagkakanulo ako ng isa sa inyo.* At ang bawat isa sa kanila ay nagsabing, “Hindi ako iyon, Panginoon.”

Jesus: Ang bibigyan ko ng tinapay matapos kong isawsaw sa mangkok ang siyang magtataksil sa akin.

Inabot ni Jesus ang tinapay kay Judas. Gawin mo na ang dapat mong gawin. Tinanggap ito ni Judas at umalis at nagpunta sa mga Punong Saserdote upang ipagbili si Jesus.

Iniabot nila kay Judas ang 30 piraso ng pilak at sinamahan niya ang mga Saserdote sa Bundok ng Getsemane, kung saan matatagpuan si Jesus.

Nang mahuli si Jesus at nakita ni Judas na si Jesus ay hinatulan na, pumunta siya sa mga Punong Saserdote.

Ibinalik niya ang 30 pirasong pilak dahil nakaramdam siya ng matinding pagsisisi at inaming siya ay nagkasala. Hindi binigyang pansin ng mga saserdote ang sinabi ni Judas kaya ibinato niya sa templo ang 30 pirasong pilak. Tumakbo palabas at nagpatiwakal.

D. Familiar Story

Tunay Ka Nga Ba?

Sina Betty at Princess ay magkaklase at matalik na magkaibigan. Tuwang-tuwa naman ang kanilang mga magulang sa ganda ng kanilang samahan. Ngunit marami rin ang naiinggit sa kanila lalo na kay Betty, dahil sa kanyang angking talino.

Isang umaga, biglang nag-announce ang kanilang teacher sa Math na magkakaroon sila ng graded recitation. Biglang napatingin si Betty kay Princess, at nag-aalala siya para sa kaibigan. Si Princess ay mahina sa Math. Maraming nakasagot ng tama at kasama na doon si Betty. Nalungkot si Princess dahil hindi siya nakasagot ng tama. Pinalakas naman ni Betty ang loob ng kanyang kaibigan.

Minsan, nilapitan ni Loreen si Princess. Siya ang pinaka-inggiterang sa loob ng clase nila. Nakaisip siya ng paraan upang sirain ang samahan nina Betty at Princess.

Loreen: Isipin mo yon, di ka man lang tinulungan ng best friend mo sa recitation? Di ka tuloy nakasagot!

Princess: Hindi naman kasalanan yun ni Betty. Mahina talaga ako sa Math.

Loreen: Kung ako sa ‘yo maiinis ako sa kanya!

Princess: Hindi ako ikaw, Loreen. Kaibigan ko si Princess.

‘Wag mo siyang siraan sa ‘kin.

Napahiya si Loreen kaya dali-dali siyang umalis sa harap ni Princess.

F. Gabay ng Buhay

- Bigyang diin na si Jesus ay ang tunay nating kaibigan. Inalay Niya ang Kanyang buhay para sa atin. Kahit maka-salanan pa tayo, namatay Siya sa krus para magkaroon tayo ng kapatawaran sa ating mga kasalanan at magkaroon ng buhay na walang hanggan. Magtiwala tayo sa Kanyang mga salita.

G. Mabuting Mamamayan

- Ang mabuting bata ay tapat sa kanyang kaibigan.
- Explain sa mga bata na hindi dapat sila maging makasarili. Isipin nila ang kapakanan ng iba

lalo na ng kaibigan nila . Kung ang isa sa mga kaibigan nila ay mapapahamak, huwag lang ang sarili nila ang kanilang alalahanin.

H. Preventive Health Care

Gamot na Halaman Para sa Pagtatae

- a) Dahon ng Bayabas — Magpakulo ng tinadtad na dahon sa 2 basong tubig sa loob ng 15 minuto o hanggang mangalahati ang tubig. Palamigin at salain. Ang kailangang dahon kung tuyo ay ganito : para sa matanda, 6 na kutsara; 7-12 taon , 3 kutsara; 2-6 taon, 1 1/2 kutsara. Kung sariwa dahon naman ay ganito : sa matanda, 8 kutsara ; 7-12 taon, 3 kutsara; 2-6 taon, 2 kutsara. Hatiin ang pinaglagaang tubig sa 4 na bahagi. Inumin ang 1 bahagi tuwing ika 2 o ika 3 oras.
- b) Dahon ng tsaang gubat — Katulad ng bayabas ang paghahanda. Kung dahong tuyo ang gagamitin, ganito ang dapat na dami : sa matanda, 10 kutsara; 7-12 taon, 5 kutsara ; 2-5 taon 2 1/2 kutsara. Kung sariwang dahon ang gagamitin : 12 kutsara sa matanda ; 6 na kutsara sa 7-12 taon ; at 3 kutsara sa 2-6 taon.
- c) Mangosteen — Ang kailangan dito ay balat ng bunga. Ang paghahanda ay katulad ng sa bayabas. Kailangang tuyo na balat ng bunga. Ang dami ay ganito : para sa matanda, 4 na kutsara ; 7-12 taon, 2 kutsara ; 2-6 taon , 1 kutsara.
- d) Dahon ng kaimito — Ang paghahanda at paggamit ay katulad sa bayabas. Kung tuyo ang gagamitin : 6 na kutsara ang ibigay sa matanda ; 3 kutsara sa 7-12 taon ; at 1 1/2 kutsara sa 2-6 taon. Kung sariwa naman ; 8 kutsara sa matanda ; 4 na kutsara sa 7-12 taon ; 2 kutsara sa 2-6 taon.

I. Homework — Ipasaulo ang Gabay na Kaalaman

2 Timothy 2:13 — *Kung tayo'y hindi tapat, mananatili siyang tapat.*

Aralin 12 Ang Salita ng Diyos ay Katotohanan

Totoo: Tawagan mo ako at sasagutin kita. Sasabihin ko sa iyo ang dakila at di masayod na mga bagay na hindi mo alam. (Reference: Jeremiah 33:3)

Mabuti: Malaman at magtiwala lamang sa katotohanan.

Tama: Pag-aralan ang sinasabi ng Bible.

B. Motivation

Palaro: (Pass the Message)

- Pamamaraan: Hatiin sa dalawa o tatlong grupo ang mga bata (depende sa dami ng bilang nila). Papilahin sila. Maghanda ng hanggang limang salita na ibibigay sa lider at ipapasa niya ito hanggang sa makarating sa dulo na siyang magsasabi ng tamang salitang nakasulat.
- Hal: 1. Nilikha Niya ang langit at lupa
 2. Ang mga halaman at puno ay gawa Niya
 3. Ang dagat ay maganda.
 4. Nasiyahan ang Diyos sa Kanyang mga ginawa.

C. Bible Story: **Si Nicodemus (John 3:1-9, 19:39)**

Si Nicodemus ay isang Pariseo at pinuno ng mga Judio. Bihasa rin siya tungkol sa mga batas ng Diyos.

Isang gabi, lumapit siya kay Jesus at sinabing naniniwala siyang si Jesus ay isang guro na mula sa Diyos. Walang makagagawa ng mga milagrong ginagawa ni Jesus kung wala ang Diyos sa

Kanya.

Jesus: Sinasabi ko sa iyo, walang makakakita ng kaharian ng Diyos kung hindi siya ipanganganak muli!

Nicodemus: Paano po ito mangyayari? Hindi naman ako puwedeng pumasok ulit sa tiyan ng nanay ko?

Jesus: Ang ipinapanganak sa laman ay laman ngunit ang Espiritu ay nanganganak ng Espiritu. Ang hangin ay umiihip sa kung saan at hindi natin alam kung saan ito pupunta o kung saan ito nanggaling. Ganoon din ang mga ipinapa-nganak sa Espiritu.

Isang araw, ang mga guwardiya ng templo ay nagpunta sa mga pariseo upang mag-report. Nagalit ang mga pariseo dahil hindi hinuli ng mga guwardiya si Jesus. Ngunit nagsalita si...

Nicodemus: Ang batas ba natin ay humuhusga na agad sa isang tao bago pa natin siya dinggin upang malaman kung ano talaga ang kanyang ginagawa.

Pinukol tuloy si Nicodemus ng tanong ng mga kapwa niya Pariseo. Si Nicodemus ay kasama ni Joseph ng Arimatea nang kunin nila ang katawan ni Jesus matapos ibaba sa krus.

D. Familiar Story

Hindi ko Maintindihan!

Isang araw si Joey ay nagmamadaling umuwi dahil siya ay may ikukuwento sa kanyang nanay. Habang nagtatanggal ng sapatos:

Joey: Nay, pinag-aralan namin kanina ang tungkol sa hangin. Napakahalaga pala ng hangin sa 'tin kasi kung wala ito, hindi tayo makakahinga at mamamatay pa tayo.

Nanay: Tama iyan anak. Hindi natin alam kung saan ito nagmumula at kung saan pupunta. Isang bagay lang ang masasabi ko, ang Diyos ang naglagay nito sa ating mundo para sa ating kabutihan.

Joey: Opo nga 'Nay. Ang hirap maintindihan ng hangin!.

F. Gabay ng buhay

- Bigyang diin na ang kapanganakang muli (o pagiging born again) ay inihalintulad sa hangin dahil nga hindi natin ito nakikita o nalalaman kung kailan nangyayari sa isang tao. Ang alam lang natin, kapag nakarinig tayo ng salita ng Diyos, tayo ay nakikinig at sumusunod.

G. Mabuting Mamamayan

- Ang batang masikap upang matuto ay nakasusumpung ng talino.
- Explain na ang katalinuhan ay maaaring ma-acquire kung may pagtitiyaga sa pag-aaral; kung magiging masipag magbasa, kung magiging resourceful sa pagre-research, etc.

Aralin 13 Kakampi natin ang Diyos

Totoo: Ililigtas ako ng Panginoon sa lahat ng kasamaan, at ligtas akong dadalhin sa kanyang kaharian. (Reference: 2 Timothy 4:18)

Mabuti: Makinig at sumunod sa nais ng Diyos sa ating buhay.

Tama: Magbasa ng Bible

B. Motivation

Palaro: Architectural Framework

- Pamamaraan:
 1. I-grupo sa tatlo ang klase.

2. Ipapakita nila ang larawan na iyong sasabihin sa pamamagitan ng kanilang sarili.
3. Sila ang gaganap sa mga larawan na ipapakita nila.
4. Ang may pinakamalapit na paglalarawan ang siyang magwawagi.
 - Orasan lamang sila ng 2 hanggang tatlong minuto sa pagbuo ng arkitektura.
 - Hal. Ipakita ang arkitektura ng bukid na may masaganang ani (maaring may gumanap na magsasaka, mga pananim na inaani at maaaring may kalabaw o kaya naman ay scare crow)
1. Ipakita ang arkitektura ng puno na may maraming bunga.
2. Batis na maraming isda.
3. Mt. Mayon
4. Dagat na maraming nangingisda at maraming huli.

C. Bible Story: **King Herod (Matthew 2:1-20)**

Si Herod ang hari nang panahong isilang si Jesus sa Betlehem Judea. Minsan may dumating sa kanilang lugar na mga Pantas na taga-silangan. Pinagtanong nila kung saan ipinanganak ang hari ng mga Judio? Nais nilang pumunta doon upang sambahin Siya.

Nalaman ito ni Haring Herod, kaya siya at ang buong Jerusalem ay natakot. Ipinatawag niya ang mga saserdote at mga eskriba upang magtanong kung saan ipanganganak si Cristo. Sinabi nilang sa Betlehem kaya....

Palihim na nakipagkita si Haring Herod sa mga pantas.

Herod: Sige, hanapin ninyong maigi ang bata at kapag nakita na ninyo siya, sabihin ninyo sa akin upang ako ay makasamba din sa Kanya.

Nakita nga ng mga pantas ang bagong silang na si Jesus. Binalaan sila sa kanilang panaginip na huwag nang babalik kay Herod kaya sila ay dumaan sa ibang ruta pauwi sa kanilang bansa.

Napag-alaman ni Herod na siya ay napaglalaman ng mga pantas kaya naglabas siya ng utos:

Haring Herod: Patayin ninyo ang lahat ng sanggol dalawang taon pababa sa buong lugar ng Betlehem!!

Ngunit hindi siya nagwagi sa kanyang masamang balak sapagkat nakaalis na si Joseph kasama ang kanyang mag-inang si Maria at si Jesus patungong Egypt.

D. Familiar Story

Protectahan sila!

Si Boyong at ang kanyang kapatid na si Marie ay parehong mahilig sa mga paru-paro. Sila ay may maliit na Green House sa likod ng kanilang bahay kung saan iba't-ibang uri ng mga paru-paro ang nagpupunta roon.

Minsan nakita nila sina Koko at ang kanyang kaibigan na nagnguguha ng mga uod na nagiging paru-paro. Pinag-lalaruan lang nila ang mga ito. Sinaway sila ni Boyong:

Boyong: Teka! 'Wag niyong galawin ang mga iyan. Di nyo ba alam na nagiging paru-paro ang mga mukhang uod na iyan?

Koko: Ano namang masama sa ginagawa namin?

Boyong: Ang mga iyan ay nagpapalit ng anyo. Sila ang mga nagiging paru-paro! Nakakatulong sila sa mga halaman na namumulaklak.

Koko: Ah ganun ba iyon? Sorry ha, di namin alam yun. Simula ngayon isa na ko sa magpo-protect sa kanila.

F. Gabay ng Buhay

- Bigyang diin na ang pagsunod sa nais ng Diyos sa ating buhay ay siguradong makabubuti sa atin, sa kabilang banda, ang pagsuway ay kapahamakan.

G. Mabuting Mamamayan

- Ang mabuting bata ay nangangalaga at nagbibigay proteksyon sa mga nilikha ng Diyos.”

H. Preventive Health Care

Pinsala sa Kalamnan (Muscle Injury)

Ang kalamnan ay mahalagang bahagi ng katawan. Ikaw ay nakakatayo, nakakatalon, kandirit, nakakatakbo at kung anu-ano pa sa pamamagitan ng iyong kalamnan.

Kadalasan, nasosobrahan ang paggamit ng iyong kalamnan kaya nakakaranas ka ng pananakit. Madalas din ma-injure ang kalamnan at ang madalas na injury ay ang *sprain* at *strain*.

Sprain ay ang pagkasira ng laman na nakapalibot sa kasu-kasuan dala ng pagkatapilok. *Strain* ay dulot ng sobrang pagkahila (overstretch) ng kalamnan.

- Paunang-lunas ng problema sa kalamnan (*Muscle Injuries*):
 - a) Iwasang galawin ang bahagi na nasaktan o napinsala.
 - b) Lagyang ng yelo ang bahagi na nasaktan. Patagalin ito ng 10 minuto.
 - c) Hayaang nakataas ng kaunti ang bahaging nasaktan.
- Tandaan na ang paunang lunas ay ginagawa matapos ang aksidente. Nararapat lang na dalin ang pasyente sa doctor o klinika upang mapatawan ng karampatang lunas matapos gawin ang paunang-lunas.
- Mga paraan kung paano mapapanatiling malakas at masigla ang kalamnan:
 - A. Ang pagkain ay nagtataglay ng iba't-ibang nutrisiyon na kailangan ng iyong katawan. Ang kalamnan ay kailangan ng calcium sa paggalaw at pag-relax nito. Ito ay matatagpuan sa mga maberdeng gulay katulad ng petchay, kangkong at iba pa.
 - B. Ang carbohydrates ay nagbibigay lakas, ito ay makikita sa mga pagkaing tulad ng tinapay, kanin, mais at iba pa (*starchy and grain foods*).

I. Homework — Ipasaulo ang Gabay na Kaalaman

2 Timothy 4:18 — Ililigtas ako ng Panginoon sa lahat ng kasamaan, at ligtas akong dadalhin sa kanyang kaharian.

Aralin 14 Ang Diyos na Hindi Mapanghusga

Totoo: Huwag kang sasaksi sa hindi katotohanan laban sa iyong Kapwa. (Reference: Exodus 20:16)

Mabuti: Huwag magparatang ng walang katotohanan sa ating kapwa.

Tama: Huwag magsisinungaling.

B. Motivation

- Palaro : Follow the Leader
- May isang lider na tatayo sa harapan na siyang kikiilos ng nais niya. Gagayahin ng mga bata ang gagawin ng kani-ling lider. Ang hindi makakagaya ay bibigyan ng parusa.

C. Bible Story: **Pontius Pilate (Matthew 27:11-26, Luke 23:1-5)**

Si Pontius Pilate ay gobernador ng Judea. Ihinarap sa kanya ng mga saserdote at matatanda ng bayan si Jesus, upang pahatulan sa kanya.

Pista noon ng Paskuwa, at tuwing pista, nakaugalian na ng gobernador na magpalaya ng bilanggo, batay sa kung sino ang gustong palayain ng mga tao.

Pontius Pilate: Sino ang gusto ninyong palayain ko, si Barabbas o si Jesus na tinatawag ninyong Cristo?

Hindi nagsalita ang mga tao kaya muli siyang umupo sa kanyang trono.

Ang asawa ni Pilate ay nagpadala ng mensahe sa kanya. Sinasabi dito na huwag makialam si Pilate sa pagpaparusa sa isang taong walang kasalanan sapagkat siya ay nakaranas ng pagdurusa nang buong araw na iyon dahil sa isang panaginip tungkol kay Jesus.

Binuyo ng mga saserdote at matatanda ng bayan ang mga tao upang isigaw na palayain si Barabbas. Minsan pa silang tinanong ni Pontius Pilate kung sino ang gusto nilang palayain.

Mga Tao: Palayain si Barabbas!

Pontius Pilate: Ano ang gagawin kay Jesus na tinatawag ninyong Cristo? Ano ba ang kasalanan ng taong ito?

Mga Tao: Ipako sa krus!!!

Naghugas ng kamay si Pontius Pilate at sinabi sa mga tao:

Pontius Pilate: Wala akong kinalaman sa inosenteng taong ito. Ito ay inyong responsibilidad.

Kaya ipinahagupit niya si Jesus at ibinigay sa mga sundalo upang ipako sa krus. Si Barabbas ay kanyang pinalaya.

D. Familiar Story

Huwag Kang Manghusga

Si Nelson ay isa sa mga hinahangaang estudyante sa kanilang paaralan, dahil sa husay niya sa academia. May isa pang hinahangaan sa kanilang paaralan. Siya ay si Gary. Si Gary ay hindi lang matalino kundi magaling din siya sa pagpipinta.

Sina Nelson at Gary ay dating matalik na magkaibigan. Ngunit dahil sa isang maling pananaw na mayroon si Nelson, ang kanilang pagkakaibigan ay nasira.

Dumanas ng isang trahedya si Gary noong nasa ikalimang baitang pa lang sila. Nasunog ang kanyang kanang braso nang masunog ang kanilang bahay. Nag-iwan ito ng malaki at nakadidiring sugat kay Gary. Inabot ng kalahating taon bago ito gumaling. Siyempre pa, napakalaki at napakapangit na peklat ang marka nito. Bukod dito, naapektuhan ang pag-galaw ng kanyang kanang kamay.

Si Nelson naman ay unti-unting lumayo kay Gary nang mga panahong iyon hanggang tuluyan nang maputol ang kanilang pagkakaibigan.

Sa pananaw ni Nelson, si Gary ay wala nang pag-asa sa buhay. Ikinalungkot naman ito ni Gary.

Lingid sa kaalaman ni Nelson, si Gary ay patuloy na nagsanay sa kanyang pagpipinta nang dumating ang summer vacation. Hindi niya pinabayaan na maging hadlang ang kanyang kapansanan para matigil siya sa pagpasasanay sa painting.

Ngayong nasa ika-anim na baitang na sila, hindi na sila magkaklase.

Isang araw, habang naglalakad si Nelson pauwi na sa kanilang bahay, pataas babang inihahagis niya ang kanyang plastic bottle na may lamang makulay na liquid na ginagamit nila sa experiment.

Hindi niya napansin na maluwag ang takip nito. Nabuhos ang laman nito at nabasa ang kanyang mga gamit kasama na ang papel na may painting ng kanyang teacher.

Nakita ni Gary ang pangyayari at di siya nagdalawang isip na lapitan ang kaibigan upang

tulungan. Nakita niya ang pag-aalala sa mukha ni Nelson:

Nelson: Naku! Lagot ako kay Ma'm Grace. Gagamitin pa naman niya ito sa klase sa makalawa.

Gary: 'Wag kang mag-alala tutulungan kita. Iguguhit ko yan ulit pero kailangn ipaalam natin sa teacher mo.

Napatingin si Nelson sa itinakwil niyang kaibigan at napaiyak....

Nelson: Salamat Gary. Iniwasan kita nang matagal na panahon pero hindi ka pa rin nagbago sa akin. Patawarin mo ako sa pag-iwan ko sa 'yo at paghusga ko sa pisikal mong kalagayan.

Gary: Matagal nang nawala ang sama ng loob ko sa 'yo Nelson. Halika, asikasuhin na natin itong atraso mo kay Ma'm Grace.

F. Gabay ng Buhay

- Bigyang diin na ang paghuhusga ng walang katotohanan ay kasinungalingan at ang ama ng kasinungalingan ay si satanas.

G. Mabuting Mamamayan

- Huwag tayong humusga sa panlabas na anyo o sa kung anong estado ng tao.
- Explain sa mga bata na huwag maghuhusga ng isang tao dahil lamang sa kanyang panglabas na anyo o kung ano ang kanyang katayuan sa buhay. Ang Diyos ay nakatingin sa puso ng tao. Maganda ka nga pero matapobre ka naman o kaya sinungaling ka naman.

Aralin 15 Ipakilala mo si Jesus sa Kanila

Totoo: Mapalad ang bansang ang Diyos ay ang Panginoon, ang bayang hinirang niya para maging kanyang mana. (Reference: Psalms 33:12)

Mabuti: Ibigin at iugnay natin ang ating buhay sa Diyos.

Tama: Ipakilala natin ang Diyos sa mga tao.

B. Motivation — Palaro: Ang Pulis at ang Magnanakaw

- Pamamaraan: Kailangang mahuli ng pulis ang magnanakaw.
- Kailangang gawin:
 1. Kumuha ng dalawang malaking panyo. Sabihin sa mga bata na bumuo sila ng isang malaking bilog.
 2. Ibigay ang isang panyo sa isang bata na siyang tatayo bilang pulis.
 3. Itatali niya ang panyo sa kanyang leeg at ibubuhol ng *isang beses* at saka ipapasa sa katabi na siya namang gagawa ng kanyang ginawa.
 4. Habang ang isang panyo ay ibibigay sa katapat ng pulis na tatayong magnanakaw. Itatali rin niya ang panyo sa kanyang leeg at ibubuhol ng *dalawang beses*.
 5. Matapos niya itong gawin ay ipapasa niya rin sa katabi ang panyo. Dapat kaparehong counterclockwise ang pag-ikot ng mga panyo.
 6. Ang madatnan ng dalawang panyo na magkasabay ay siyang taya at paparusahan.

C. Bible Story : **Matthew (Matthew 9:9-13)**

Pagkatapos turuan ni Jesus ang mga tao sa tabing-dagat, siya'y nagpatuloy sa paglalakad. Nakita niya si Matthew, isang tax collector na nakaupo sa kanyang tanggapan.

Jesus: Sumunod ka sa Akin. Tumindig si Matthew, iniwan ang lahat at sumunod agad kay Jesus.

Si Matthew ay naghanda ng malaking pagsasalo-salo para kay Jesus. Nakasama niya roon ang maraming maniningil ng buwis at iba pang mga tao.

Ang mga Pariseo at mga escribang naroon ay nagbulong-bulungan. Sinabi nila sa mga alagad ni Jesus, “bakit sumasalo ang guro ninyo sa mga tax collector at mga makasalanan?”

Jesus: Ang may sakit ang nangangailangan ng manggagamot hindi ang walang sakit. Naparito ako hindi upang tawagin ang mga matuwid kundi ang mga makasalanan para magsisi.

D. Familiar Story

Ipapaalam Ko sa Kanila!

“Siguruhin mo ang iboboto mo!!” Iyan ang makikitang nakapaskil sa halos lahat ng poste na nadaanan ng magkakaibigang, Alfie, Paul, JR at Jess.

Jess: Basta papalapit na ang election, napakarami talagang idinidikit na kung ano-ano!

Alfie: Oo nga! Nagkakat lang sila, lalo na yung mga nangangampanya,.. mga buwaya naman.

Paul: Bakit? Mahalaga naman yung mga nabasa natin kanina ah. May isang grupo sa ating barangay na naglalaan ng mga seminar para malaman natin kung sino, paano at ano ang mga dapat maging batayan ng ating mga magulang sa pagpili ng kanilang mga iboto.

JR: Tama! Totoo ang sinabi ni Paul, saka natutunan ko sa Sunday School namin na kahit sino pa ang mahalal sa ating bayan, ang Diyos ang naglagay sa kanya sa posisyong iyon, Hindi natin dapat iyon kinakalaban. May plano pa rin ang Diyos. Kaya ako pagdating ko mamaya sa bahay sasabihin ko sa Nanay at Tatay ko na umattend sila sa seminar na iyon. Para naman makaboto sila ng may karunungan.

Paul: Ganun din ang gagawin ko!

Jess at Alfie: Korek kayo! Sasabihin din namin iyan kina nanay.

F. Gabay ng Buhay

- Bigyang diin na hinahanap ni Jesus ay ang mga taong makasalanan at hindi matutuwid. Tandaan na kaya Siya pumunta rito sa mundo ay upang iligtas ang Kanyang mga tupa.

G. Mabuting Mamamayan

- “Makilahok sa mga programang pangbarangay.”
- Explain sa kanila na dapat tayong makilahok sa mga programa ng barangay. Bilang mga kabataan maaari tayong tumulong sa pagpapalaganap ng mga batas laban sa kasamaang naidudulot ng droga at iba pang masasamang bisyo.
- Maaari niyo ring imbitahan ang inyong mga magulang sa mga seminars na makapagdadagdag karunungan, para sa mas ikaaayos ng inyong pamilya. Dapat magsimula sa atin ang pagpapakilala kay Jesus.

H. Preventive Health Care

Pinsala sa Kalamnan (Muscle Injury)

Ang kalamnan ay mahalagang bahagi ng katawan. Ikaw ay nakakatayo, nakakatalon, kandirit, takbo at kung anu-ano pa sa pamamagitan ng iyong kalamnan.

- Kadalasan, nasosobrahan ang paggamit ng iyong kalamnan kaya nakakaranas ka ng pananakit. Madalas din ma-injure ang kalamnan at ang madalas na injury ay ang *sprain* at *strain*.
- *Sprain* ay ang pagkasira ng laman na nakapalibot sa kasu-kasuan dala ng pagkatapilok.
- *Strain* ay dulot ng sobrang pagkahila (overstretch) ng kalamnan.
- Paunang-lunas ng problema sa kalamnan (*Muscle Injuries*):

- a) Iwasang galawin ang bahagi na nasaktan o napinsala.
- b) Lagyan ng yelo ang bahagi na nasaktan. Patagalin ito ng 10 minuto.
- c) Hayaang nakataas ng kaunti ang bahaging nasaktan.
- d) Tandaan na ang paunang lunas ay ginagawa matapos ang aksidente. Nararapat lang na dalin ang pasyente sa doctor o klinika upang mapatawan ng karampatang lunas matapos gawin ang paunang-lunas.

I. Homework — Ipasaulo ang Gabay na Kaalaman

Psalms 33:12 — *“Mapalad ang bansang ang Diyos ay ang Panginoon, ang bayang hinirang niya para maging kanyang mana.”*

Aralin 16 Ang Mabuting Lingkod

Totoo: Sapagkat kahit ang Anak ng tao ay hindi naparito upang paglingkuran, kundi upang maglingkod, at ipagkaloob ang kanyang buhay bilang pantubos sa marami.

(Reference: Mark 10:45)

Mabuti: Huwag maghangad ng mataas na puwesto para lamang maging sikat o kilala.

Tama: Bilang lingkod ng Panginoon dapat ay buong puso at pagpapakumbabang iniaalay natin ang ating lakas at panahon sa Kanya.

B. Motivation — **Palaro:**

- Pamamaraan: Hatiin ang grupo sa dalawa. Ang bawat grupo ay may larawan na bubuuin. Ang pinaghiwa-hiwalay na bahagi ng larawan ay nakadikit na sa blackboard.
- Sa hudyat ng tagapamuno ay mag-uunahan ang magkabilang grupo na mabuo ang larawan. Ang mauuna ang siyang magwawagi. (Maaring gumupit ng larawan ng mga magagandang tanawin.)

C. Bible Story: **Si James (Mark 10:35-41)**

Minsan lumapit si James at ang kanyang kapatid na si John sa Panginoong Jesus:

Jesus: Ano ang gusto ninyong gawin ko para sa inyo?

James: Gusto po sana naming maupo sa tabi ninyo sa inyong kaharian, isa sa kanan at isa sa kaliwa.

Jesus: Hindi ninyo alam ang inyong hinihiling. Makakaya ba ninyo ang hirap na daranasin ko at mababautismuhan ng bautismo na ginawa sa Akin?

James: Makakaya po namin Panginoon.

Jesus: Tama kayo, makakaya nga ninyo ang ginagawa Ko pero hindi Ako ang magpapasya kung sino ang dapat maupo sa kanan at kaliwa Ko.

Narinig ito ng sampung alagad ni Jesus at sila ay nagalit kina James at John. Kaya pinalapit ni Jesus sa Kanya ang mga alagad at sinabing,

Jesus: Alam ninyo na ang lahat ng pinuno ng mga Hentil ay naghahari sa kanila at ang mga nasa mataas na katungkulan ang siyang nasusunod. Ngunit hindi dapat maging ganoon ang inyong maging kaisipan. Sa halip, ang sino mang magnais na maging dakila ay siyang dapat na maging lingkod, at sino mang nais maging pinuno ay siyang magiging alipin. Sapagkat Ako ay hindi nagpunta rito upang paglingkuran, kundi upang maglingkod at ialay ang Aking buhay bilang pantubos sa marami.

D. Familiar Story

Ano ang Motibo Mo?

Tatay: Anak, dapat ang iyong motibo ay laging tama, mabuti at totoo!

Enclein: Opo Itay!

Iyan ang laging sinasabi ng yumaong ama ni Enclein.

Larry: O Enclein, ok ka lang? Ang ganda ng ngiti mo ah.

Enclein: Naalala ko lang ang palaging ibinibilin sa 'kin ni tatay. Sabi niya, kailangan daw palaging mabuti, tama at totoo ang aking motibo sa lahat ng aking gagawing desisyon at pagtulong sa aking kapwa. Katulad ngayon, sinasamahan ko ba ang mga senior citizens dito sa ating barangay dahil may katumbas na allowance sa buong linggo?

Larry: Tama ka nga diyan! Noon, iyon ang nasa isip ko kaya ako sumama dito. Pero nang makasama kita at ang mga senior dito, nabago ang pananaw ko sa pagtulong. Naisip kong kahit walang allowance, gagawin ko ito dahil may malasakit na ako sa mga matatanda.

Enclein: Korek! Yung allowance ay reward na lang sa totoo, tama at mabuting hangarin natin.

F. Gabay ng Buhay

- Bigyang diin na dapat bantayan ang motibo ng puso sa mga bagay na ginagawa. Mahalaga ito kahit pa hindi natin ito sabihin sa iba. Nakikita ng Diyos ang loob ng ating puso kaya wala tayong maitatago sa Kanya.

G. Mabuting Mamamayan

- Kailangan ang tapat at mabuting motibo sa paglilingkod sa ating kapwa.
- Emphasis dito ay ang kahalagahan ng pagkakilala nila sa Diyos, dahil magagawa lang nilang maging mabuting pinuno kung alam nila ang mabuting balita tungkol kay Jesus.

Aralin 17 Laging Handa sa Pagbabalita ng Kaligtasan

Totoo: Hindi ikinahihiya ang mabuting balita pagkat ito ang kapangyarihan ng Diyos sa ikaliligtas ng sinumang sumasampalataya. (Reference: Romans 1:16)

Mabuti: Maging laging handa at magtiwala sa Diyos ano man ang nais Niyang ipagawa sa atin.

Tama: Ang mga batang nagmamahal sa Diyos kahit saang lugar makarating (school, palengke, probinsya, at saang lugar) ay laging handang ikuwento ang pag-ibig at kabutihan ni Jesus sa ating buhay.

B. Motivation

Magpalaro: "Blow the fish"

- Mga kailangan – gumupit sa papel na shape ng isda, (atleast 30 pcs) tsinelas ng bawat participants, o kahit anong suot nilang panyapak.
 - a. Bumuo ng 2 grupo, tipunin ang panyapak ng bawat isa.
 - b. Ipabilog ang mga panyapak ng bawat grupo magkapantay dapat pero magkalayo, matapos maipabilog alisan ng 2 panyapak ang bawat bilog, upang pagdaanan ng mga isda.
 - c. Lagyan ng starting line ang dalawang grupo, mula sa starting line ikalat ang mga paper fish.
 - d. Hindi pwedeng hawakan ang mga papel, gawin ito sa pamamagitan ng pag-ihip sa mga paper fish papasok sa kanilang pinabilog na mga panyapak, dapat sa kanilang grupo lamang nila maipapasok ang mga paper fish.
 - e. Pinapayagan ang kahit anong klaseng strategy. Ang sinumang grupong may pinakamaraming paper fish ang naipasok ay siyang panalo.

C. Bible Story: **Si Philip (Acts 8:26-40)**

Sinabi ng Angel ng Panginoon kay Philip na pumunta siya sa daang patungong Timog papunta sa lugar ng Gaza. Lumakad nga si Philip at nasalubong niya sa daan ang isang Eunuch na taga-Eutopia. Siya ay tagapamahala ng lahat ng kayamanan ng Candace na reyna ng Ethiopians. Siya ay patungong Jerusalem upang sumamba.

Lapitan mo ang karwaheng iyon at sabayan mo, ang sabi ng Espiritu kay Philip. Patakpong nilapitan ito ni Philip at narinig niyang nagbabasa ang Eunuch mula sa aklat ni Propeta Isaiah.

Philip: Nauunawaan niyo po ba ang inyong binabasa?

Eunuch: Paano ko mauunawaan ito? Maliban na lang kung may magpapaliwanag nito para sa akin.

Inanyayahan ng Eunuch si Philip na sumakay at maupo sa tabi niya. Binasa ng Eunuch ang isang bahagi ng kasulatan *“tulad ng tupang dinala sa patayan, at tulad ng korderong walang imik sa harap ng manggugupit, gayon hindi Siya nagbuka ng Kanyang bibig, hinamak Siya at pinagkaitan ng katarungan. Sinong makakapagsabi ng Kanyang angkan? Sapagkat kinitil ang Kanyang buhay sa ibabaw ng lupa.”*

Eunuch: Sino ba ang tinutukoy ng propeta dito, ang kanya bang sarili o ang ibang tao?

Mula sa binasa ng Eunuch, ipinahayag ni Philip ang magandang balita tungkol kay Jesus. Habang naglalakbay sila:

Eunuch: Narito ang tubig, bakit hindi mo pa ako bautis- muhan?

Pinahinto ng Eunuch ang karwahe, bumaba sila at lumusong sa tubig. At pag-ahon nila, kinuha ng Espiritu ng Diyos si Philip at hindi na siya nakita ulit ng Eunuch.

Galak na galak ang Eunuch na nagpatuloy sa kanyang paglalakbay. Si Philip ay natagpuang naglalakbay sa Azotus, nangangaral ng ebanghelyo sa bawat bayan hanggang Ceasaria.

D. Familiar Story

Dapat Laging Handa

An.....o..ba.....ya....n.....!!!, Walang silbing gobyerno!!!

Iyan ang malakas at sabay-sabay na sigaw na gumising sa mahimbing na pagtulog ni Angie. Napabangon siya sa higaan at lumabas ng kuwarto:

Angie: Nay, anu po bang nangyayari sa labas? May nag-aaway po ba?

Nanay: Wala anak. Masyado lang nag-aalala ang ating mga kabarangay. I-nanunsyo kasi kanina na ang barangay natin ay kasama sa mga makakaranas ng tatlong linggong walang kuryente dahil sa malaking pinsalang iniwan ng nakaraang bagyo.

Angie: Ngek! Ayun lang po pala ? Mabuti nga po hindi tubig ang mawawala dahil mas mahirap iyon. At saka hindi naman po iyon kasalanan ng ating gobyerno, ‘di po ba ‘Nay? Dapat po laging maging handa sa lahat ng panahon. Ay! Nay, di po ba si Lolo may ginawang malaking lampara?

Nanay: Tama ka dyan anak! Kaya maghilamos ka na at mag-almusal. Tulungan mo akong linisin ang lampara para magamit natin.

F. Gabay ng Buhay

- Ang pagiging laging handa at walang pag-aalinlangang puso ni Philip na ipahayag ang mabuting balita tungkol kay Jesus, ay resulta lamang ng pag-ibig niya sa Diyos.

G. Mabuting Mamamayan

- “Huwag natin isisi sa iba ang resulta ng ating pagiging hindi handa.”
- Explain na dapat lagi nating isipin na may mga dumarating na hindi natin inaasahan. Tulad ng pag nawalan ng tubig, dapat palaging may mga nakatabi tayong tubig sa ating mga drum, balde at mga galon o kahit saan mang pwedeng mapag-ipunan natin ng tubig. At iba pang mga hindi natin inaasahang pwedeng mangyari. Kailangan ay palagi tayong maging handa.

H. Preventive Health Care

Mga Sakit ng Respiratory System

Ang *Respiratory System* ay isang sistema na nagbibigay-daan upang maganap ang paghinga.

Ang mga sakit sa *Respiratory System* ay kalimitang nakikita sa pag-ubo o hirap sa paghinga. Ang mga ito ay sintomas ng mga sakit sa *respiratory system*.

1. *Pulmonya (Pneumonia)* - ay isang sakit kung saan namamaga ang mga bronchiole at alveolar sac sanhi ng impeksyon. Matatagpuan rin ang mga bakteryang nagdudulot ng pulmonya sa mga lalamunang nasa normal na kondisyon. Kapag nanghihina ang katawan, dumarami ang bakterya at nagdudulot ng pinsala. Pumupunta ang mga ito sa mga baga at dumidikit sa mga alveolar sac na namamaga. Ang mga virus at mga kemikal ay maaari ring maging sanhi ng pulmonya.
 - Nagagamot ang pulmonya ng mga *antibiotic* na pumapatay sa mga bakterya sa loob ng baga.
2. *Hika o Asthma* - ay isang kondisyon na kakikitaan ng sobrang pagkasensitibo ng ating mga baga. Ang mga daluyan ng respiratory system ay sensitibo sa mga *allergen* na mga sangkap, na nagdudulot ng iritasyon. Ang pagiging sensitibo ng daluyan ng hangin ay nagbibigay ng proteksiyon sa *respiratory system*. Gayunman, may mga taong napakasensitibo ng kanilang respiratory system kaya sila ay nagkakaroon ng *allergic reaction*, tulad ng pasipol na tunog (*wheezing*) at hirap sa paghinga.
 - Wala pang lunas ang asthma. Ang mga gamot ay iniinom o nilalanghap upang maibsan ang paninikip ng mga sensitibong daluyan ng paghinga. Ngunit ang mga ito ay mga pansamantalang lunas lamang. Kadalasan ay bumabalik pa rin ang pagsumpong ng asthma.
3. *Emphysema* - nagkakaroon ng ganitong sakit dahil sa paninigarilyo. Ang taong naninigarilyo ng 4 hanggang 25 beses ay may katiyakang magkakaroon ng *emphysema* kaysa sa hindi nagsisigarilyo. Pinaiigsi ng paninigarilyo ang buhay ng tao. Ang kalimitang sanhi nito ay ang mga kemikal na makukuha sa usok ng sigarilyo.
 - Walang lunas ang sakit na ito. Kailangang huminto na sa paninigarilyo ang maysakit upang hindi na lumala ang karamdaman.
4. *Kanser sa Baga (Lung Cancer)* - Sinisira ng paninigarilyo ang *respiratory system* dahil ang tar o nikotinang galing sa sigarilyo ay naiipon sa ating mga baga. Naaapektuhan nito ang normal na kakayahan ng mga baga na tanggalin ang mga dumi kaya lalong dumarami ito. Kapag lumala ang pinsalang dulot ng mga kemikal nagiging malignant ang mga *broncial cell*. Ito ang nagiging sanhi ng lung cancer.
 - Maiiwasan ang kanser kung ititigil ang paninigarilyo. Kahit sa aktibong gamutan, kalimitang namamatay ang mga taong may kanser matapos ang ilang taon.
5. *Rhinitis* - ay pamamaga ng loob ng ilong (*nasal cavity*). Halimbawa: *allergic rhinitis*. Katulad ng asthma, ang *rhinitis* ay reaksiyong bunga ng mga dumi at alikabok. Dahil sa reaksiyong ito (*allergic reaction*), naglalabas ng maraming sipon ang mga lamad ng ilong.
 - Mahirap gamutin ang rhinitis dahil sa paulit-ulit nitong kondisyon. Ang pinakamabisang paraan

ng pagpigil dito ay ang pag-iwas ng mga bagay na nakapagdudulot ng allergic reaction.

6. *Tuberkulosis o TB* - ay karaniwang impeksiyon sa mga baga ng mga taong nakatira sa mga umuunlad ng bansa (*developing country*). Dulot ito ng bakteryang *Mycobacterium tuberculosis* na nakukuha sa mga matataong lugar.
 - Ang bakterya ay lumalagi sa loob ng mga baga at mahirap mawala. Subalit, may mga gamot na kontra-TB na kailangang inumin sa loob ng ilang buwan. Kung hindi magagamot kaagad, ang TB ay sisira ng mga baga at maaaring kumalat sa iba pang bahagi ng katawan tulad ng mga buto at mga bituka.

I. Homework — Ipasaulo ang Romans 1:16 “*Hindi ikinahihiya ang mabuting balita pagkat ito ang kapangyarihan ng Diyos sa ikaliligtas ng sinumang sumasampalataya.*”

Aralin 18 Ang Diyos ang may Kontrol sa Kalikasan

Totoo: Ang Diyos ang may kontrol sa lahat ng kanyang nilikha. (Reference: Marcos 4:35-41)

Mabuti: Magtiwala na ang Diyos ang may kontrol sa lahat ng kanyang nilikha.

Tama: Pabayaang mamuhay ang mga hayop sa natural nilang tahanan.

B. Motivation

- Tanungin ang mga bata kung may napapanuod silang mga balita na mga kalamidad na nangyayari sa dagat. Alamin sa kanila kung ano ang kadalasang kinahihinatnan nito.

C. Bible Story: Pinatigil ni Jesus ang Unos (Marcos 4:35-41)

Matapos ang ilang araw na paglalakbay at pagtuturo sa madla, sinabi ni Jesus sa kanyang mga alagad na sila ay tutungo sa kabilang ibayo.

Lulan ng isang bangka, naglayag sila patungo sa kabilang ibayo. Iniwan nila ang maraming taong sumusunod sa kanila.

Nang sila ay nasa dagat, dumating ang isang malakas na unos. Malakas ang hampas ng alon halos lumubog na ang kanilang bangka sa dami ng tubig na pumapasok.

Sa isang sulok ng bangka ay ginising ng mga alagad si Jesus na mahimbing na natutulog. Nang makita ni Jesus ang kalagayan ng panahon at ang takot na nadarama ng kanyang mga kasama, pinatigil Niya ang tubig, hangin at ulan.

Sa pamamagitan lamang ng salita ni Jesus ay tumahimik at sumunod ang tubig sa dagat, hangin at ulan.

D. Familiar Story

Alam mo ba Lyon?

Isang umaga sa tahanan ng mga Rodriguez.....

Aling Susie: Tignan mo iyang anak mong si Lucas. Umaga, tanghali at bago mag takip-silim, palagi niya nalang hinahanap at hinuhuli ang kanyang alagang manok na si spray para lang pakainin. Tumayo si Mang Pandoy at nilapitan ang kanyang anak.

Mang Pandoy: Anak, manok iyang alaga mo at hindi aso. Bakit nakatali? Ha! Ha!

Lucas: Opo nga Itay, pero gusto ko maayos siyang makakain....

Mang Pandoy: Bakit umaga, tanghali at hapon mo hinuhuli si spray?

Lucas: Para po di siya malipasan ng gutom. Baka kasi mamatay siya Itay!

Mang Pandoy: Tao lang ang nalilipasan ng gutom. Kung hindi mo tatalian si spray, kaya niyang

maghanap ng kanyang pagkain kahit saan. Katulad natin, nakakakuha tayo ng ating kakainin sa mga bungang kahoy at mga gulay.

Naunawaan ni Lucas ang ibig sabihin ng kanyang tatay. Mula noon hinayaan na niya si spray na gumala-gala sa bakuran.

F. Gabay ng Buhay

- Muling balikan ang kwento.
- Bigyang diin na ang Diyos ang may kontrol sa lahat ng kanyang nilikha maging ang kalikasan. Siya ay maka-pangyarihan at ang manlikikha ng lahat.

G. Mabuting Mamamayan

- Bigyan diin na ang Diyos ay may kontrol sa lahat ng kanyang nilikha. Ang mga hayop ay dapat na pabayaang tao sa natural na tirahan nito.
- Nag-provide ang Diyos ng pagkain sa lahat ng kanyang nilikha na matatagpuan sa kalikasan. Ang mga hayop gaya ng manok ay binigyan ng Diyos ng kakayanan mamuhay, maghanap ng kanilang pagkain at mag-survive.
- Kadalasan ay ang tao pa ang nakahahadlang sa natural na pamumuhay ng mga ito. Kaya dapat na matutuhan ng mga tao na maunawaan ang kapangyarihan ng Diyos sa kanyang pagkalikha ng lahat.

Aralin 19 Sa Kalamidad, Ako'y Iniligtas

Totoo: Huwag matakot. Magtiwala na ang Diyos ang magliligtas sa iyo sa anumang kapahamakan.
(Reference: Kawikaan 29:25)

Mabuti: Huwag matakot. Magtiwala na ang Diyos ang magli-ligtas sa iyo sa anumang kapahamakan.

Tama: Humingi ng proteksyon sa Diyos sa lahat ng pagkaka-taon at magtiwala na siya ang magliligtas sa iyo.

B. Motivation: Tanungin ang mga sumusunod sa mga bata:

1. Anu-anong mga kalamidad ang alam nila.
2. Kung nakaranas na sila ng kahit anong kalamidad
3. Ano ang kanilang naging pakiramdam at ginawa.

C. Bible Story: **Silas (Gawa 16:25-34)**

Si Silas ay isang tagapangaral ng mabuting balita tungkol kay Jesus. Madalas siyang kasama ni Paul. Sila ay nabilanggo.

Minsan habang nananalangin at umaawit ng mga papuri sa Diyos sina Silas at ang kanyang mga kasamahan sa loob ng bilangguan, nakikinig sa kanila ang iba pang mga bilanggo. Di katagalan ay bigla na lang lumindol ng malakas at nauga ang mga patibayan ng bilangguan.

Biglang nabuksan ang mga pinto, at nakalag ang gapos ng lahat. Nagising ang bantay ng bilangguan. Nang makita niyang bukas ang mga pinto ng bilangguan, binunot niya ang kanyang tabak upang magpakamatay sa pag-aakalang nakatakas ang mga bilanggo.

Ngunit biglang sumigaw ang kasama ni Silas at sinabing: "Huwag mong saktan ang iyong sarili! Narito kaming lahat."

Humingi ng ilaw ang bantay, patakbong pumasok at nanginginig na nagpatirapa sa harapan nina Silas at Paul. Inilabas niya ang dalawa at tinanong sila:

Bantay: Sabihin ninyo sa akin kung ano ang dapat kong gawin upang maligtas!

Silas at Paul: Sumampalataya ka kay Cristo Jesus at ikaw ay maliligtas - ikaw at ang iyong sambahayan.

Nangaral pa ng salita ng Diyos sina Silas at Paul sa bantay at mga kasambahay nito. Hinugasan ng bantay ang mga sugat nina Silas at siya at ang kanyang pamilya ay nagpabautismo.

Dinala ng bantay sina Silas sa kanyang bahay at pinakain sila doon. Lubos na kagalakan ang naramdaman ng bantay sapagkat siya ay sumampalataya sa Diyos - siya at ang kanyang pamilya.

Kinabukasan, sina Silas at Paul ay pinalaya ng mga punong mahistrado.

D. Familiar Story

Nagkamali Kami!

Isang umaga ng Sabado sa bahay ng pamilya Brolas.....

Mang Berto: Anong araw na ba ngayon?

Aling Tina: Eh di Sabado!

Mang Berto: Naku, kaya naman pala. Umaalingawngaw na naman ang ating kapitbahay.

Nagprapraktis na naman sila ng kanta at mga instrumento.

Maya-maya umikot si Mang Berto sa likuran ng kanyang bahay at dumampot ng bato at :

Mang Berto: Ayaw ninyong tumigil ah. Eto ang sa inyo!!!!

Parati nalang ganoon ang ginagawa niya. Naiiinis siya dahil mahirap na nga raw ang buhay ay nagagawa pa ng mga ito magkakanta para sa Diyos.

Minsan, umulan ng malakas na parang may bagyong dumaraan. Hindi maipaliwanag ang lakas ng hangin na humampas sa mga bahay sa kanilang barangay. May mga pader na bumagsak at mga yerong lumipad. Kasama na sa napinsala ang tahanan nina Mang Berto.

Nasaksihan ng katabi niyang church ang kalagayan nila. Nilapitan siya ng church leader at sinabihang:

Church Leader: Mang Berto, maaari po kayong tumuloy muna dito sa simbahan hanggang maiayos ang inyong bubong.

Dahil sa nangyaring iyon, nabuksan ang isip ng mag-asawang Berto at Tina sa mga hindi magandang bagay na kanilang ginawa sa kanilang kapitbahay.

Naunawaan ni Mang Berto na dahil sa kabutihan ng Diyos, ang mga leaders ng Church ay hindi nagtanim ng galit sa kanila. Bagkus, bukas-palad pa silang tinulungan.

F. Gabay ng Buhay

- Muling balikan ang maikling kwento ni Silas.
- Bigyang diin na ang Diyos ay kailanman hindi tayo iiwan ni pababayaang. Kailangan lamang ay magtiwala tayo sa kanya na siya ang magprotektang sa atin sa lahat ng pagkakataon anuman ang ating kinakaharap.

G. Mabuting Mamamayan

- Tanungin sa mga bata kung sa anong pagkakataon na sila ay nakaramdam ng takot at kung ano ang ginawa nila. (Hintayin ang kanilang sagot.)
- Bigyan diin na ang tao kadalasan ay kailangan pang makadanas ng kalamidad bago tumawag sa Diyos. Matapos ang mga kalamidad ay nakakalimot ng mana-langin at magtiwala sa proteksyon ng Diyos.
- Ang tamang gawin ay laging manalangin at humiling ng proteksyon ng Panginoon sa lahat ng

pagkakataon at magtiwala na ito ay ipagkakaloob niya.

H. Preventive Health Care

First Aid para sa Heat Stroke

- *Sintomas:* maputla; matinding pagpapawis; mabilis ang pulso; nanghihina; pananakit ng ulo; pananakit ng tiyan o kalamnan; pagkalito; hirap sa pagtayo o paglalakad; pagkawala ng malay-tao.
- *Mga Dapat Gawin:*
 - a) Tumawag agad ng doctor o ambulansiya.
 - b) Dalhin ang biktima sa malilim o malamig na lugar.
 - c) Hayaang malamigan ang katawan ng biktima sa pamamagitan ng pag-spray o pagpupunas dito ng malamig na tubig.
 - d) Paypayan ang biktima o itapat sa electric fan.

I. Homework — Ipasaulo ang Psalms 37:24 “*Matisod man siya’y hindi mabubuwal, sapagkat inaalalayan siya ng Panginoon sa kanyang mga kamay!*”

Aralin 20 Magsipag sa Pagpapayaman ng Lupain

Totoo: Maging masikap sa pagbubungkal ng lupa upang may makain. (Reference: Kawikaan 12:11)

Mabuti: Maging masikap at pagyamanin ang kalikasan.

Tama: Bungkalin at taniman ang lupang bakante o magcontainer gardening.

B. Motivation

- Magpakita ng larawan ng langgam. Alamin sa mga bata kung mayroong katangian ang langgam na maaari nating gayahin.

C. Bible story: **Timothy (2 Timoteo 2:1-6)**

Si Timothy ay nasa kabataang edad nang maging taga-pangaral ng mabuting balita tungkol kay Jesus. Siya ay pinalaki sa salita ng Diyos ng kanyang Lolang si Lois at Nanay na si Eunice.

Naging tagasunod siya ni Cristo dahil sa pag-aaruga sa kanya ni Paul.

Pinapaalalahanan at tinuturuan siya ni Paul patungkol sa maraming bagay katulad ng kung paano siya dapat mamuhay bilang isang taong nakakakilala kay Cristo. At huwag padaig sa mga nagmamaliit sa kanyang kabataan, bagkus sinabi ni Paul na dapat siyang maging huwaran sa harapan ng mga mananampalataya at huwag titigil sa pagtuturo ng mabuting balita tungkol kay Jesus.

Ang paalala ni Paul sa kanya ay ito, “*Timothy, maging masipag kang tulad ng isang magsasaka, sapagkat ang masipag na magsasaka ang unang tumatanggap ng kanyang bahagi sa ani.*”

D. Familiar Story

Kayamanan sa Taniman?

Nanay: Anak, may kayamanan sa ating taniman!

Maya: Talaga inay?! Dito sa ating niyogan? Naku sasabihin ko sa mga kaibigan ko at hanapin po namin.

Nanay: Hindi ganoong kayamanan ang tinutukoy ko. Ang ibig kong sabihin ay kayamanan na naibibigay na tulong sa atin ng tanimang ito katulad ng niyog, kahoy, buko, copra at marami pang iba. Anak ang kayamanan ay hindi lang nakikita sa mga ginto o sa laki ng bahay o dami ng

sasakyan. Maliit nga lang ang ating bahay pero nag-aakyat sa atin ng pera ang niyogan na ito kaya napag-aaral namin kayo ni Tatay at hindi tayo nagkukulang sa pagkain sa araw-araw. Natutustusan ang lahat ng ating mga pangangailangan.

Maya: Ay, opo nga 'Nay. Tama lahat ng sinabi niyo. Iyan na lang ang ipamamalita ko sa aking mga kaibigan!

F. Gabay ng Buhay

- Bigyang diin na dapat maging masikap sa lahat ng pagkakataon at gawain gaya ni Timothy.
- Ang pagiging bata ay hindi dahilan upang hindi maging masipag sa lahat ng gawain. Ang masipag na bata ay mabuti. Ang batang masipag ay nakapagbibigay kasiyahan sa Diyos.

G. Mabuting Mamamayan

- Bigyang diin na ang mga batang katulad nila ay dapat ma-tutong magtanim. Sa pamamagitan ng kasipagan at pagtityaga sa paglupig ng lupa nakakapamuhay ng masagana ang isang pamilya.